# Ang Pagtataguyod ng Kababaihan ng Kapayapaan: Palihang Pagsasanay ng mga Tagapagsanay sa Timog-Silangang Asya sa *Women, Peace and Security*

## Gabay ng Facilitator


gnwp Global Network of Women Peacebuilders

In partnership with Canada

Ministry of Gender Equality and Family

UK International Development
Partnership | Progress | Prosperity

UN WOMEN

Ang publikasyong ito ay binuo sa suporta ng UN Women Indonesia sa balangkas ng proyektong "Pagpapataas sa kapasidad ng pagpapatupad ng Women, Peace, at Security sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya: Pagbibigay-diin sa mga Pinakamahusay na Praktika sa Indonesia, Pilipinas, Thailand, at Viet Nam."

**Mga May-akda:** Maria Cleofe Gettie C. Sandoval, Maricel Aguilar

**Editor:** Jasmin Nario-Galace, Ph.D

**Tagadisenyo ng Layout:** Jim Marpa

# Contents


Modyul 1: Pag-unawa sa Gender sa Konteksto ng Salungatan 5

- Sesyon 1: Pag-unawa sa Gender, Salung tan at mga Isyu ng Seguridad 5
- Sesyon 2: Pag-unawa sa mga Isyung may Kaugna yan sa ender sa Konteksto ng Salungatan 13
- Sesyon 3: Pag-unawa sa National Action Plan on Women, Peace and Security 17

Modyul 2: Pagpapakilala sa Agenda ng Women, Peace and Security 25

- Sesyon 1: Pagtukoy sa mga *Entry Point* para Matugunan ang mga Gender na Usapin sa Salungatan (Unang Bahagi) 26
- Sesyon 2: *Gender Mainstreaming* sa Konteksto ng Salungatan 28
- Sesyon 3: Pagtukoy sa mga *Entry Point* para Matugunan ang mga Gender na Usapin sa Salungatan (Ikalawang Bahagi) 31
- Sesyon 4: Ang Apat na Haligi ng Agenda ng Women, Peace and Security sa ilalim ng UNSCR 1325 33
- Sesyon 5: Ang ASEAN Regional Plan of Action sa Implementasyon ng Women, Peace and Security 39
- Sesyon 6: Paglalarawan sa Women, Peace and Security 45

Modyul 3: Pag-unawa sa Gender sa Konteksto ng Salungatan 51

- Sesyon 1: Lokalisasyon bilang Estratehiya sa Implementasyon ng ASEAN RPA WPS, Pagbabahagi ng mga Praktis ng Lokalisasyon ng Agenda ng Women, Peace and Security 51
- Sesyon 2: Pagtukoy ng mga Pamamaraan sa Pagpapatupad ng Agenda ng Women, Peace and Security 68

Modyul 4: Pagmo-monitor ng Implementasyon ng Agenda ng Women, Peace and Security 69

- Sesyon 1: Pagpapakilala sa Konsepto ng Pagmo-monitor at Ebalwasyon para sa National Action Plan on Women, Peace and Security 67
- Sesyon 2: Pagrebisa sa National Action Plan on Women, Peace and Security sa Pamamagitan ng mga Elemento ng Pagmo-monitor 80

Modyul 5: Pagtataguyod sa Agenda ng Women, Peace and Security 85

- Sesyon 1: Pagtukoy sa mga Hamon at Tagumpay sa Pagtataguyod ng Agenda ng Women, Peace and Security 86
- Sesyon 2: Pagtataguyod sa Agenda ng Women, Peace and Security 87

- Sesyon 3: Pagsusuri sa Estratehiya ng Adbokasiya para sa Agenda ng Women, Peace and Security 92

Karagdagang Sesyon: Mga Babaeng Pinuno - Nagsasalita para sa Kapayapaan 99

Apendiks 101

- Paghahanda ng Talumpati 101
- Ang Pagtatalumpati o Pagbigkas ng Talumpati 101
- Paano Bumigkas ng Isang Talumpating Politikal 102

# Modyul 1
## Pag-unawa sa Gender sa Konteksto ng Salungatan

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga batayang konsepto tungkol sa gender sa konteksto ng salungatan at inseguridad, kasama ang mahahalagang kasangkapang magagamit sa pag-aanalisa ng mga isyu sa gender sa nasabing mga konteksto.

Ang mga facilitator at resource person na gagamit ng modyul na ito ay kinakailangang may pangunahin at malawak na kaalaman at kasanayan sa gender at gender analysis.

Ang mga sesyon sa modyul na ito ay dinisenyo upang matulungan ang mga may kinalaman sa pagpaplano, paglikha ng programa o proyekto, at mga kaukulang serbisyo tungkol sa gender at pagtataguyod ng kapayapaan. Maaaring isaayos ang mga sesyong ito ayon sa kung sino ang gagamit gaya ng mga nasa hanay ehekutibo o lehislatibo upang bigyang diin ang kahalagahan ng paggamit ng gender and conflict analysis sa pagdebelop ng mga angkop na interbensyon.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng:

| Sesyon | Pamagat | Oras |
|---|---|---|
| 1 | Pag-unawa sa Gender, Salungatan at Mga Isyu ng Seguridad | 2 oras, 15 minuto |
| 2 | Pag-aanalisa ng Mga Isyu sa Gender sa Konteksto ng Salungatan | 2 oras, 15 minuto |
| 3 | Pag-unawa sa National Action Plan on Women, Peace and Security | 2 oras, 30 minuto |

### Sesyon 1 Pag-unawa sa Gender, Salungatan at mga Isyu ng Seguridad

**Layunin** Mabalik-aralan ang mga batayang konsepto ng gender sa konteksto ng salungatan at inseguridad

**Metodolohiya** Pangkatang palihan (workshop)
Lektura

**Oras** 2 oras, 15 minuto

**Kagamitan**

- Easel paper o whiteboard
- Marker
- Metacards
- Masking tape
- Gunting
- Laptop at projector

**Mahahalagang Punto:**

1. Ang salungatan at inseguridad ay nagpapalala ng mga isyu sa gender at gender role na umiiral na sa lipunan sa panahon ng kapayapaan.
2. Ang pag-unawa sa mga kondisyon at katayuan ng mga kababaihan bago magkaroon ng salungatan (pre-conflict) ay mahalaga sa pagbuo ng mga estratehiyang ipatutupad upang matugunan o mabawasan ang epekto ng salungatan.
3. May ilang kagamitang makatutulong sa pag-aanalisa ng mga isyung pangkababaihan na mahalaga sa pagbuo ng mga polisiya at mga programa pagkatapos ng salungatan (post-conflict).

**Nilalaman at Pamamaraan**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Pagbati sa mga kalahok.
- Pagbabahagi ng layunin ng sesyon.

**2. Pangkatang Gawain (45 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok sa malilit na pangkat.
- Sabihin sa bawat pangkat na tukuyin ang mga pangunahing isyung kinakaharap ng mga kababaihan sa konteksto ng salungatan at inseguridad. Bigyan ng 30 minuto ang bawat pangkat para isulat ang kanilang mga sagot sa papel o sa white board.
  - Paalala sa Facilitator: Ang mga halimbawa ng mga isyung natukoy ng mga kalahok sa pilot run ng modyul na ito ay ang mga sumusunod:
    - Karahasan
    - Kawalan akses sa serbisyong pampubliko (nutrisyon edukasyon)
    - Kawalan ng pribadong espasyo (privacy)

- Pagkawala ng pagpapahalaga sa sarili/dignidad
- Pagkakaroon ng maramihang pasanin (multiple burden/triple roles)
- Hindi kasama sa paggawa ng desisyon at pagpaplano (marginalized)

- Pagkatapos ng 30 minuto, ipagawa sa bawat pangkat ang mga sumusunod:
  - Ipakita sa ibang mga pangkat ang kanilang mga sagot.
  - Lagyan ng pananda (sticker o highlight) ang mga isyung magkapareho sa listahan ng ibang pangkat.
- Kapag nalagyan na ng mga pananda ang kanilang listahan, ipasagot sa kanila ang mga sumusunod na katanungan:
  - Kailan nararanasan ang mga isyung naitala sa listahan? bago, habang, o pagkatapos ng salungatan?
  - Ano ang mga karaniwan o natatanging isyung nararanasan ng mga kababaihan sa konteksto ng salungatan at inseguridad na lumutang sa isinagawang gawain?
- Bilang pagtatapos, magbigay ng sintesis ng mga isyung nararanasan ng mga kababaihan bago, habang, at pagkatapos ng salungatan.

**3. Lektura (90 minuto)**

- Pagbabalik-aral sa mga batayang konsepto ng sex at gender:
  - Kinikilala ang pagkakaiba ng kababaihan at kalalakihan batay sa mga natural o bayolohikal na katangian nito. Dahil sa bayolohikal na pagkakaibang ito, nakalikha ang lipunan o mga institusyon ng tungkulin at inaasahang gampanin ng kababaihan at kalalakihan. Ang ganitong pananaw ay tinatawag na ***societal construction of gender*.**
  - Nag-iiba ang konsepto ng mga gender role batay sa edad, katayuan sa lipunan, lahi, etnisidad, relihiyon, mga paniniwala, at ideolohiya at ng panlipunan, pangkabuhayan, at politikal na kapaligiran. Sa pagsusuri ng mga isyung sa gender, mahalagang isaalang-alang ang lahat ng mga salik na ito gamit ang tinatawag na ***intersectional approach*,** dahil iba-iba ang mga karanasan ng mga kababaihan at kalalakihan pati na rin ang kontekstong kanilang kinabibilangan.
- Talakayin ang salungatan at bigyang diin ang katotohanan na ang sitwasyon ng salungatan ay lalong nagpapalala ng mga isyung sa gender na dati nang nararanasan ng mga kababaihan sa lipunan.
  - Nagkakaroon ng salungatan kapag ang dalawa o higit pang pangkat ay

naniniwalang di-magkakatugma ang kanilang mga interes o ang paraan ng pagkakamit nito. Bagamat ang pananaw na ito ay hindi negatibo, maaaring gumamit ng karahasan ang ilang mga pangkat sa pagtatamo ng kanilang mga interes.[1]

- ▹ Sa isang marahas na armadong labanan, ang mga kababaihan ay tinitingnan bilang ***collateral damage*** sa halip na aktibong kalahok sa pagtataguyod ng kapayapaan. Kaya naman sila ay karaniwang inihahanay bilang benepisyaryo ng mga interbensyon gaya ng donasyon (relief), pagbangon (recovery), at rehabilitasyon. Ang kanilang estado at kondisyon bago maganap ang marahas na armadong labanan, gaya ng kahirapan at diskriminasyon, ay hindi isinasaalang-alang sa pagbuo ng mga programa at serbisyo pagkatapos ng salungatan kaya lalo silang nasasadlak sa kahirapan at mas lalong nagiging marhinalisado.
- ▹ Sa kabilang banda, nagkakaroon ng inseguridad kapag hindi nabigyan ng proteksyon ng pamahalaan ang mamamayan nito sa gitna ng marahas na armadong labanan.[2]

► Ibahagi ang iba't ibang mga ***building block*** ng ***gender analysis*** sa konteksto ng salungatan at inseguridad:

- ▹ **Gender Division of Labor (Moser):** Ang mga kababaihan at kalalakihan ay nagkakaroon ng iba't ibang gampanin o tungkulin sa magkakaibang yugto ng buhay. Ayon sa balangkas na binuo ni Caroline Moser, nahahati ang mga gampaning ito sa - **reproductive, productive, community management at community political roles.** Sa konteksto ng armadong labanan, nasa ibaba ang ilang mga manipestasyon ng mga kababaihan at kalalakihan sa pagganap ng kanilang mga tungkulin:

1 UN Interagency Framework Team for Preventive Action. (2012). Perserikatan Bangsa-Bangsa. Dapat diakses di: https://www.un.org/en/land-natural-resources-conflict/pdfs/FRAMEWORK_TEAM_FLYER-2July12.pdf.

2 Violence and Insecurity: Protecting human rights in situations of violence and insecurity. (2012). Kantor Komisaris Tinggi Perserikatan Bangsa-Bangsa untuk Hak Asasi Manusia. Dapat diakses di: https://www2.ohchr.org/english/ohchrreport2012/web_en/allegati/7_Violence.pdf.

| **Reproductive Roles** (Tungkuling Reproduktibo) | **Productive Roles** (Tungkuling Produktibo) | **Community Management Roles** (Tungkulin sa Pamamahala ng Komunidad) | **Community Politics Roles** (Tungkuling Politikal sa Komunidad) |
|---|---|---|---|
| Maaaring akuin ng mga lalaki ang pangangalaga sa mga anak at gawaing pantahanan kapag naging target sila ng armadong grupo na nakaaapekto sa kanilang pagkilos. | Maghahanap ang mga babae ng ikabubuhay o pagkain kapag ang pagkilos ng mga lalaki ay nalilimitahan; sila ay karaniwang nahaharap sa *sexual and gender based violence (SGBV)*, trafficking at sa mababa o walang sahod. | Maaaring magdala ng armas ang mga lalaki at babae. Kadalasan ang mga lalaki ang nasa harapan ng labanan. Nagsisilbi namang mediko, tagapagluto, o tagapamahala ng gastusin sa sandatahang lakas ang mga babae. | Dumadalo ang mga lalaki sa mga pormal na diyalogong pangkapayapaan at tradisyonal/ katutubong mekanismo o pamamaraan ng paglutas ng alitan. |
| Inaalagaan ng mga lalaki ang ari-arian ng pamilya habang ang mga babae ay nagsisilikas at malapit sa panganib. | Tumatanggap ng mga peace dividend ang mga lalaki dahil itinuturing silang madirigma samantalang ang mga babae ay tagatanggap lamang ng tulong o donasyon. | Ang mga batang lalaki ay maaaring gawing kaanib ng armadong grupo. Ang mga batang babae ay ginagamit upang mahikayat ang mga batang lalaki na sumali sa samahan. | Hindi isinasali o kulang sa representasyon ang mga babae sa pormal na diyalogong pangkapayapaan at tradisyonal/ katutubong mekanismo o pamamaraan ng paglutas ng alitan. |
| Ang mga babae ang nag-aalaga ng mga miyembro ng pamilya nuclear man o extended. | | | |

- Sa panahon ng kapayapaan, mayroon nang paghahati ng trabaho ayon sa gender at palaging mas maraming responsibilidad ang mga kababaihan lalo na sa aspektong domestiko o pantahanan. Ito ang humahadlang sa kanila upang makibahagi sa aspektong produktibo at mga gawaing politikal na pamamahala sa komunidad. Kapag may armadong labanan,

lalong lumalala ang **gender division** na inilalarawan sa tsart sa itaas.

- **Practical Gender Needs and Strategic Gender Interests (Moser):** Ang isa pang paraan upang maanalisa ang mga usapin sa gender at salungatan ay ang pagtukoy sa **practical gender needs and strategic gender interests** ng mga tao.

| **Practical Gender Needs** (Pangangailangang Praktikal) | **Strategic Gender Interests** (Estratehikong Interes) |
|---|---|
| Mga mahalagang pangangailangang personal tulad ng mga sanitary napkin, diaper, whistle at flashlight | Mental health and psychosocial support (MHPSS) na sensitibo sa gender at kultura (offline at online) |
| Pagkaing naaayon sa mga buntis, bagong panganak, matatanda, o mga may kapansanan | |
| Minimum Initial Service Package (MISP) for Sexual and Reproductive Health (SRH) | Mga mekanismo at protokol upang mabigyang proteksyon ang lahat at mapigilan ang karahasang seksuwal at gender sa konteksto ng salungatan at inseguridad (offline at online) |
| Pagkakaroon ng lugar para sa kababaihan tulad ng mga Day Care Center at Breastfeeding Corner | Katarungang transisyonal |
| Ang mga kampo o shelter ay may sapat na ilaw, malapit sa Security Office at sa pinagkukunan ng tubig | Mga polisiya at mekanismo na nagpapakita ng zero tolerance sa pang-aabuso, harassment at karahasan sa mga shelter |
| Pagiging pribado ng mga paliguan | |
| Mga forms para magkaroon ng akses sa mga dokumento ng gobyerno o mga pautang para sa rehabilitasyon ng tahanan at mga pangkabuhayan | Magaang proseso at mga forms na makatutulong kapag nawala ang orihinal na dokumento o katibayan o sa pagkawala ng mga ari-arian |

- Mahalaga ang mga **practical gender needs** para sa kaligtasan at pamamahala ng tahanan ngunit kailangang ding maisakatuparan ang pagkamit ng mga **strategic gender interests** lalo na sa panahon ng salungatan o armadong labanan dahil na rin sa pagbabago ng sitwasyon sa pamumuhay. Halimbawa, kailangan sa mga kampo at shelter ang

pagkakaroon ng ligtas na lugar para sa paliguan at pagkukunan ng tubig lalo na sa gabi (practical gender need). Gayumpaman, kailangan sa mga ito ang pagkakaroon ng mga polisiya at mekanismo na magbibigay proteksyon at mangangalaga sa mga kababaihan laban sa karahasang batay sa gender (strategic gender interest).

- ***Manifestations of Gender Bias (HASIK):*** Isa pang building block ay ang pagsusuri ng manipestasyon ng gender bias. Ang balangkas na ito ay binuo ng HASIK, isang organisasyong pansibiko sa Pilipinas na nagsusulong ng pagbibigay kapangyarihan sa maralitang tagalungsod, pagkakapantay-pantay ng mga gender, proteksyon ng mga bata at kabataan, pabahay at mga pangkabuhayan.[3]

| | |
|---|---|
| **Multiple Burden** | Ang mga babae bilang mga internally displaced persons (IDPs) ang nangangalaga ng pamilya, nagsasagawa ng mga gawain sa pamayanan bilang suporta sa relief; o tumutulong o nagpapanatili ng kaayusan sa mga IDP Center at naghahanap ng pangkabuhayan. |
| **Gender Stereotyping** | Itinuturing na mga mandirigma ang mga lalaki kayat nakikinabang ito sa mga peace dividends. Ang mga babae ay hindi itinuturing na mandirigma, hindi marunong humawak ng armas at hindi puwedeng sumali sa armadong kilusan. |
| **Marginalization** | Kinukonsulta ang mga lalaki sa usaping may kinalaman sa imprastruktura, proyektong panrehabilitasyon at mga interbensiyong pangkapayapaan. Ang mga babae ay kinukonsulta sa panlipunan at pangkabuhayang aspekto ng proyektong pangrehabilitasyon. Kadalasang hindi kinukonsulta ang mga kabataan sa usaping ito. |
| **Subordination** | Ang mga lalaki na itinuturing na pinuno at tagagawa ng desisyon ay kadalasang kasama sa pagbuo at pagpapatupad ng mekanismo sa mapayapang paglutas ng salungatan. Kadalasan ay hindi kasama ang kababaihan sa ganitong mga usapin. Ang mga kabataan ay talagang hindi isinasama. |
| **Gender-based violence** (GBV) | Ang panggagahasa at iba pang karahasan laban sa babae ay ginagamit bilang sandata ng digmaan upang wasakin ang moral ng pamayanan at isang paraan ng ethnic cleansing o pagpapakita ng kapangyarihan at dominante.<br>Ang mga kababaihan at batang babae ay karaniwang biktima ng human trafficking.<br>Ang kabataan at mga miyembro ng LGBTIQIA+ ay karaniwang biktima ng Gender-Based Violence (GBV). |

3 HASIK adalah singkatan dari Harnessing Self-Reliant Initiatives and Knowledge (Mengoptimalkan Inisiatif dan Pengetahuan Secara Mandiri).

- Pinalalala ng mga bias na nabanggit ang relasyon ng magkakaibang gender sa loob at labas ng tahanan. Halimbawa, ang mga babae ay karaniwang gumagawa ng mga tungkuling reproduktibo sa mga kampo at shelter. Naaapektuhan nito ang kanilang partisipasyon sa mga konsultasyong pampubliko tungkol sa mga usapin ng pagbangon at rehabilitasyon ng kanilang pamayanan sa pagtatapos ng armadong labanan. Ang pagkakaroon ng multiple burden sa tahanan ay maglalagay sa kababaihan sa isang mas mababang posisyon. Ang kakulangan ng suporta sa pagkamit ng strategic gender interests katulad ng pagpigil sa o pagbibigay ng proteksyon laban sa karahasan ay maaaring maglagay sa mga kababaihan na itinuturing na internally displaced sa panganib.
- **Women's Empowerment Framework (Longwe):** Ang balangkas na ito ng sosyolohistang si Sara Longwe ay nagpapakita na ang pagpapalakas sa kababaihan ay may iba't ibang anyo. Ang mga antas na nasa tsart ay hindi kailangang makamit ayon sa pagkakasunod-sunod sa halip maaaring makait ito nang sabay-sabay:

| **Levels of Empowerment** (Mga Antas ng Pagbibigay ng Kapangyarihan) | |
|---|---|
| **Welfare** (Kawanggawa) | Ang kababaihan at kabataan ay mga tagatanggap ng mga donasyon, kadalasang nakadepende o nakasandig sa mga kalalakihan na siyang itinuturing na pinuno sa tahanan. |
| **Access** (Daan) | Ang mga kababaihan ay kadalasang may akses sa iba't ibang pinagkukunang pang-ekonomiya na maaaring hindi konektado sa kanilang mga buhay bago ang salungatan o maaaring hindi umaayon sa kanilang mga kalagayan pagkatapos ng salunggatan. |
| **Conscientization** (Konsiyentisasyon) | Ang mga kababaihan ay pasibong tagatanggap ng impormasyon, na hindi naman nilalayong baguhin ang mga relasyong pang-gender. |
| **Participation** (Partisipasyon) | Ang mga kababaihan ay namumuno sa pamamahagi ng mga donasyon, pagkakaroon ng tubig, sanistasyon ng kampo, at pansariling kalinisan. (water, sanitation, at hygiene o WASH). |
| **Control** (Kontrol) | Bilang mga IDPs, may limitadong kontrol ang mga kababaihan sa mga pinagkukunang pang-ekonomiya. |

- Kagaya ng ibang mga building block, ang balangkas na ito ay nakatutulong upang maintindihan natin ang uri ng interbensyon na angkop sa mga kababaihan sa konteksto ng salungatan katulad ng armadong labanan at matiyak na malinang ang kanilang buong potensiyal.

- Paalala sa Facilitator:
  - Kinakailangan mong balikan ang mga sagot ng mga kalahok sa pangkatang gawaing isinagawa upang matulungan silang makita ang koneksyon ng kanilang mga karanasan sa iba't ibang aspekto ng gender and conflict analysis na natutuhan.
  - Hikayatin silang lumikha ng mga gawaing tumutukoy sa mga isyung may kinalaman sa gender sa mga sitwasyon ng salungatan at inseguridad. Halimbawa maaari nilang magamit ang 24-hour profiling method upang matiyak ang distribusyon ng mga babae at lalaki na itinuturing na IDPs sa kampo o shelter o pansamantalang tahanan.
  - Bigyang diin na ang mga "Building Blocks to Gender Analysis" na tinalakay ay maaaring magamit nang isahan o magkakasama ang ibang mga kaugnay na kagamitan batay sa impormasyong kinakailangang makuha sa mga kalahok.

**4. Pagtatapos (5 minuto)**

- Bigyang diin sa pagtatapos ang mga sumusunod:
  - May mga namamayaning gender role sa mga babae at lalaki, bata man at matanda. Sa konteksto ng salungatan, nagkakaroon ng matinding pagbabgo sa mga tungkuling ito at nagbibigay daan pa ito sa paglala nang hindi pagkakapantay-pantay ng mga gender.
  - Ang pag-unawa sa mga hindi pagkakapantay-pantay na nararanasan ng kababaihan sa lipunan bago ang sitwasyon ng salungatan ay kritikal sa pagtugon at pag-iwas sa epekto ng salungatan o armadong labanan. Ang mga building block na ito ay magagamit sa pag-aanalisa na kailangan nilang isagawa para sa paggawa ng mga angkop na polisiya at programa.

## Sesyon 2 Pag-unawa sa mga Isyung may Kaugnayan sa Gender sa Konteksto ng Salungatan

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Masusuri ang mga isyung pang-gender sa konteksto ng salungatan. |
| **Metodolohiya** | Pangkatang Gawain<br>Pagsusuri sa mga Kaso |
| **Oras** | 2 oras and 15 minuto |

**Kagamitan**

- Case studies
- Easel paper or whiteboard
- Marker
- Metacards
- Masking tape
- Laptop at projector

**Mahahalagang Punto**

1. Ang building blocks sa gender and conflict analysis ay lubhang mahalaga sa pagtukoy ng mga isyung kinakaharap ng babae, lalaki, kabataang babae at lalaki sa panahon ng salungatan. Ang mga kagamitang ito ay maaaring magamit nang isahan o magkakasama ang ibang mga kagamitan.
2. Ang gender ananlysis ay mahalaga sa paglikha ng mga kinakailangang interbensyon upang matugunan ang mga isyung may kinalaman sa gender na kinakaharap ng mga babae, lalaki at batang babae at lalaki sa sitwasyon ng salungatan.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulag Gawain (5 minuto)**

- Tanungin ang mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konsepto na tumatak sa kanilang isipan.
- Ibahagi ang layunin ng sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (60 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok sa apat na pangkat at ipamahagi ang mga nakahandang kasong pag-aaralan nila. Ang bawat dalawang pangkat ay may parehong kasong pag-aaralan.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Maaaring baguhin ang mga nakahandang kasong pag-aaralan sa sesyong ito batay sa mga karanasan at pangangailangan ng mga kalahok.
- Ibigay sa bawat pangkat ang mga tanong na nasa pahina 15 “Mga Gabay na Tanong sa Pagsussuri ng Kaso”. I-project sa screen kung maaari.
- Papiliin ng isang kalahok na magiging kinatawan ng grupo sa plenaryo. Ang napiling kinatawan ang magbibigay ng buod ng isinagawang pagsusuri ng grupo kasama ang kanilang mga natuklasan, at angkop na rekomendasyon.
- Bigyan ang bawat grupo ng 60 minuto upang isagawa ang pagsusuri.

### Mga Gabay na Tanong sa Pagsusuri ng Kaso

1. Gamit ang mga building block na nakaatas sa inyong pangkat, tukuyin ang mga isyung may kaugnayan sa gender sa konteksto ng salungatan at inseguridad na inilalahad ng kasong pinag-aaralan ninyo. Nasa ibaba ang mga building block:
   a. Gender division of labor
   b. Practical gender needs and strategic gender interests
   c. Manifestations of gender bias
   d. Women's Empowerment Framework
2. Ano-anong mga hakbang o estratehiya ang irerekomenda ng inyong grupo upang malutas ang mga isyung natukoy ninyo sa inyong kaso?

**3. Plenaryo (60 minuto)**

- Hilingin sa kinatawan ng bawat grupo na ilahad ang buod ng pagsusuri ng kasong pinag-aralan, ang kanilang mga natuklasan, at angkop na rekomendasyon. Maglaan ng panahon para sa mga tanong at talakayan pagkatapos ng presentasyon.
- Tanungin kung paano nakatulong ang mga building block sa pagsusuri ng kaso at sa pagbuo nila ng kanilang mga rekomendasyon.

**5. Pagtatapos (10 minuto)**

- Magbigay ng maikling sintesis ng mga natuklasan at rekomendasyong naibahagi sa presentasyon.
- Hikayatin ang mga kalahok na tuklasin ang gamit ng iba't ibang building block sa pagsusuri ng mga kaso pagkatapos ng workshop upang lalong malinang ang kanilang kasanayan sa gender and conflict analysis.

## Pag-aaral ng kaso

### Kaso Bilang 1: Pangakong Hindi Natupad

Ang ilang mga pamayanan sa Bansa A ay sagana sa likas na yaman kaya matagal na silang minamataan ng mga pribadong kompanya upang maging lokasyon ng mga malalaking proyektong pangkabuhayan na nais nilang itayo. Ang ilan sa mga pamayanang ito ay may mga katutubong pangkat na naninirahan sa kanilang lupaing ninuno o ancestral domain. Sa lupa umaasa ang mga babae para sa pagsasaka na pinanggagalingan ng kanilang pagkain at kabuhayan samantalang ang mga lalaki naman ay umaasa rin sa lupa para sa kanilang maliliit na negosyo.

Nakipag-usap ang mga pribadong kompanya sa mga opisyal ng lokal na pamahalaan sa panahon ng pagpaplano at pagdidisenyo ng mga proyektong pangkabuhayan na itatayo sa mga pamayanan. Hindi kinonsulta ng mga may-ari ng kompanya at mga lokal na opisyal ang mga naninirahan sa komunidad. Sa pagsisimula ng pagtatayo ng mga proyekto, ang mga kalalakihan ay pinangakuang bibigyan ng trabaho. Hindi naman kasama sa konsultasyon ang mga kababaihan at hindi rin sila inalok ng kahit na anong uri ng trabaho habang ang kanilang mga lupang sinasaka ay unti-unting nililinis at pinapatag upang magbigay daan ang proyekto.

Anim na buwan pagkatapos simulan ang proyekto, nagsimulang magreklamo ang mga miyembro ng komunidad. Napansin nila na galing sa ibang probinsya ang mga tinanggap na manggagawa para sa proyekto. Kakaunti lamang ang mapalad na nakuha mula sa kanilang komunidad. Wala ring mga alternatibong pagkakakitaang ibinigay sa mga kababaihan. Nagsimulang sirain ang project site ng ilang mga kalalakihan, ang ilan ay nagnakaw ng mga kagamitan sa konstruksiyon at ang ilan ay nangingikil ng pera sa mga trak na nagdadala ng mga suplay at materyales. Tinakot at binantaan ng iba ang mga manggagawang galing sa ibang probinsiya.

Tukuyin ang iba't ibang isyung pang-gender sa konteksto ng salungatan at inseguridad sa kasong ito. Magrekomenda rin ng mga hakbang at estratehiya na maaaring magamit upang mabigyang lunas ang mga isyung natukoy.

### Kaso Bilang 2: Ang mga Kabataan sa Pamayanang M

Ang mga kabataang babae at lalaking Muslim sa Katimugang Pilipinas ay aktibong gumagamit ng social media sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kapamilya at kaibigan. Bago pa ang taong 2017, naobserbahan na ang patuloy na pagtaas ng paggamit ng social media upang palaganapin ang mga tila konserbatibong mga

mensahe na naglalayong muling alalahanin ang mga aral at pagpapahalaga ayon sa Islam. Binabansagang "mas makaDiyos" ang mga babae kapag isinusuot nila ang niqab samantalang itinuturo sa kabataang lalaki na ang pagbibigay proteksyon sa kababaihan ay isang mabigat na responsibilidad. Ang hindi pagsunod sa mga tagubiling ito ay maituturing na pagsalungat sa mga turo ng Islam.

Hindi nagtagal ay nagsimulang umusbong ang mga lihim o undergound na "mga paaralang" Islamic. Mahalagang bahagi ng kanilang itinuturo ay ang pagpapanatili ng mga aral at pagpapahalaga ng Islam lalo na sa mga kabataang Muslim na sa tingin nila ay napapariwara dahil sa impluwensiya ng mga "kanluraning turo at pagpapahalaga" na ayon sa kanila ay naglalayong "burahin ang populasyong Muslim" . Ang mga nakababatang henerasyon ng mga Muslim ang inaasahang magtataguyod at magpapanatili ng Islam at makikipaglaban sa mga puwersang pumipigil sa paglaganap nito. Ihiniwalay ng ilang kabataang Muslim ang kanilang mga sarili sa mga "taksil" (kafir) at gumawa sila ng sarili nilang pangkat sa loob ng kanilang mga unibersidad. Ang mga babaeng nagsusuot ng niqab ay hindi nakihalubilo sa mga babaeng sa tingin nila ay "hindi tapat" sa mga turo ng Islam samantalang ang mga kabataang lalaki ay sinanay sa paggamit ng mga maliliit na armas bilang paghahanda sa digmaan o "jihad". Ginagamit nila ang social media upang mahikayat ang mga kabataan na muling pag-aralan ang mga pagpapahalagang itinuturo ng Islam at magrebelde sa "mga taksil" kahit na ang mga ito ay kapamilya, kamag-anak, o kaibigan.

Sa kalagitnaan ng sumunod na taon, isang militanteng grupo ang nagpahayag ng kanilang katapatan sa ISIL ang sumakop sa Community M. Nagtagal ng limang (5) buwan ang armadong labanan na nakaapekto sa 200,000 indibidwal, at naging sanhi ng kamatayan at pinsala sa tao at kapaligiran:

- 978 namatay na militante (13 ang dayuhan)
- 168 namatay na sundalo
- 1,400+ nasugatang sundalo
- 87 namatay na sibilyan (40 ang dahil sa pagkakasakit)

Tukuyin ang iba't ibang isyung pang-gender sa konteksto ng salungatan at inseguridad sa kasong ito. Magrekomenda rin ng mga hakbang at estratehiyang maaaring magamit upang mabigyang lunas ang mga isyung natukoy.

## Sesyon 3 Pag-unawa sa National Action Plan on Women, Peace and Security

**Layunin** Mataya ang hangganan ng National Action Plan on Women, Peace and Security (NAP WPS) sa integrasyon sa gender and conflict analysis

**Metodolohiya** Pangkatang Gawain

**Oras** 2 oras and 15 minuto

**Kagamitan**

- Kopya ng NAP WPS
- Building Blocks Checklist
- Laptop
- Projector

**Mahahalagang Punto**

1. Malaking bahagi ng NAP WPS ang pagsasagawa ng pagsusuri ng mga isyung kinakaharap ng mga babae at lalaki na nasa sitwasyon ng salungatan at inseguridad na nagsisilbing batayan para sa epektibong paggawa ng mga plano at programa.
2. Ang iba't ibang mga building block ng gender and conflict analysis ay maaaring magamit upang magsagawa ng malalim na pagsusuri ng mga isyu at mga hamon na may kaugnayan sa gender.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Tanungin ang mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konsepto na tumatak sa kanilang isipan.
- Ibahagi ang layunin ng sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (60 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok sa apat na pangkat at bigyan ng kopya ng building block checklist ang bawat pangkat.
- Talakayin ang mga sumusunod na gawain ng grupo:
  - Magtalaga ng isang kalahok na mag-uulat ng kinalabasan ng pagsusuri ng grupo at mga angkop na rekomendasyon na ibabahagi sa plenaryo
  - Gamitin ang Building Blocks Checklist na naglalaman ng mga building block ng gender and conflict analysis. Ang checklist na ito ay makatutulong sa mga kalahok na mataya ang hangganan ng integrasyon na nagawa ng NAP WPS sa paglikha ng gender and conflict analysis. Makatutulong ito sa pagtukoy ng mga kalakasan nito at mga aspektong kailangan pang paghusayin.

- ▹ Gamitin ang checklist upang makapagbigay ng mga komento at rekomendasyon na magagamit sa pagpapahusay ng pormulasyon ng NAP WPS.

**3. Plenaryo (60 minuto)**

- Hilingin sa kinatawan ng bawat grupo na ilahad ang buod ng pagsusuri ng kasong isinagawa, ang kanilang mga natuklasan, at angkop na rekomendasyon. Maglaan ng panahon para sa mga tanong at talakayan ng presentasyon.

**4. Pagtatapos (10 minuto)**

- Magbigay ng maikling sintesis ng mga natuklasan at rekomendasyong naibahagi sa presentasyon.
- Hikayatin ang mga kalahok na palaganapin ang adbokasiya ng paggamit ng building blocks ng gender analysis sa pormulasyon ng NAP WPS at mga plano hinggil sa pagkakapantay-pantay ng mga gender.
  - Paalala sa Facilitator:
    - ▹ Hikayatin ang mga kalahok na palaganapin ang adbokasiya sa aktibong pakikilahok ng mga kababaihan sa mga lugar na nakararanas ng salungatan, pagtatapos ng salungatan, at maging sa mga lugar na may namumuong tensyon sa panahon ng pagpaplano upang matiyak na ang mga ito ay tumutugon sa kanilang mga hamong kinakaharap at sa kanilang mga pangangailangan.

**5. Sintesis at Pagbibigay ng Feedback sa Modyul (15 minuto)**

- I-project sa screen ang mga sesyong tinalakay sa modyul na ito at magbigay ng maikling buod ng mga mahahalagang punto na tinalakay sa bawat sesyon.
- Hikayatin ang mga kalahok na isulat sa metacards ang kanilang mga puna at komento sa bawat sesyon ng modyul. Ipatukoy sa kanila ang mga aspektong nakatulong, hindi nakatulong, at ang kanilang mga rekomendasyon upang mapaghusay ang modyul.
- Kolektahin ang mga metacards na naglalaman ng kanilang mga feedback.
  - Paalala sa Facilitator:
    - ▹ Maaaring mapahaba o mapaikli ang sesyong ito batay sa oras na ibinigay sa inyo.
    - ▹ Maaaring gumamit ng evaluation form sa halip na metacards.

## Building Blocks Checklist

| Tanong | Sagot | Puna at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| **Gender division of labor (Paghahati-hati ng Tungkulin Ayon sa Gender)** | | |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa tungkuling reproduktibo ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ano ang mga konsiderasyong may kaugnayan sa pagtugon sa mga tungkuling reproduktibo ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon na may kaugnayan sa pagtugon sa tungkuling reproduktibo ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa tungkuling produktibo ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ano ang mga konsiderasyong may kaugnayan sa pagtugon sa tungkuling produktibo ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon na may kaugnayan sa pagtugon sa tungkuling produktibo ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS. |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang tungkulin ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa pamumuno at pamamahala ng pamayanan sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon may kaugnayan sa tungkulin ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa pamumuno at pamamahala ng pamayanan ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon may kaugnayan sa tungkulin ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa pamumuno at pamamahala ng pamayanan ang maaaring isama sa NAP WPS? |

| Tanong | Sagot | Puna at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| **Practical gender needs and strategic gender interests** (Mga Pangangailangang Praktikal at Estratehikong Interes) | | |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa mga pangangailangang praktikal ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan o alitan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon may kaugnayan sa pagtugon sa mga pangangailangang praktikal ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon na may kaugnayan sa mga pangangailangang praktikal ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa mga estratehikong interes ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon may kaugnayan pagtugon sa mga estratehikong interes ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon may kaugnayan pagtugon sa mga estratehikong interes ng mga kababaihan at kalalahikan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| **Manifestations of Gender Bias** (Manipestasyon ng Gender Bias) | | |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa hamon ng multiple burden na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng multiple burden na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng multiple burden na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |

| Tanong | Sagot | Puna at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa hamon ng gender stereotyping na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng gender stereotyping na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng gender stereotyping na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa hamon ng marhinalisasyon at subordinasyon na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng marhinalsasyon at subordinasyon na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng marhinalisasyon at subordinasyon na kinakaharap ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa isyu ng karahasan laban sa mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon para tugunan ang hamon ng karahasan laban sa mga kababaihan (kabataan o matanda) at ibang mga marhinalisadong indibidwal ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon para tugunan ang karahasan laban sa mga kababaihan (kabataan o matanda) at ibang mga marhinalisadong indibidwal ang maaaring isama sa NAP WPS? |

| Tanong | Sagot | Puna at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| **Levels of Empowerment** (Antas ng Pagbibigay ng Kapangyarihan) | | |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa kapakanan ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon na tumutugon sa kapakanan ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon na tumutugon sa kapakanan ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagtugon sa pagkakaroon ng akses ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa mga pagkain, serbisyo, at mga programa sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon na tumutugon sa pakakaroon ng akses ng mga kababaihan (bata o matanda) sa mga pagkain, serbisyo, at programa ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon na tumutugon sa pakakaroon ng akses ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa mga pagkain, serbisyo, at programa ang maaaring idagdag sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang konsiyentisasyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) hinggil sa hindi pantay na pagtingin at estado ng mga babae at lalaki sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon na tumutugon sa konsiyentisasyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) hinggil sa hindi pantay na pagtingin at estado ng mga babae at lalaki ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon na tumutugon sa konsiyentisasyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) hinggil sa hindi pantay na pagtingin at estado ng mga babae at lalaki ang maaaring idagdag sa NAP WPS? |

| Tanong | Sagot | Puna at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang partisipasyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon kaugnay ng partisipasyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon kaugnay ng partisipasyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang maaaring isama sa NAP WPS? |
| Binibigyang konsiderasyon ba ng inyong NAP WPS ang pagkakaroon ng kontrol sa pinagkukunan ng pang-ekonomiya at paggawa ng desisyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) sa konteksto ng salungatan at inseguridad? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, anong mga konsiderasyon sa pagkakaroon ng kontrol sa pinagkukunan ng pang-ekonomiya at paggawa ng desisyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang nakapaloob sa NAP WPS?<br>Kung hindi, anong mga konsiderasyon sa pagkakaroon ng kontrol sa pinagkukunan ng pang-ekonomiya at paggawa ng desisyon ng mga kababaihan (kabataan o matanda) ang maaaring idagdag sa NAP WPS? |

# Modyul **2**

## Pagpapakilala sa Agenda ng Women, Peace and Security

Ang modyul na ito ay dinisenyo upang ipakilala ang agenda ng Women, Peace and Security (WPS) gayundin ang pagpapalalim ng pang-unawa ng mga kalahok sa *gender mainstreaming*. Magkakaroon ng oportunidad ang mga kalahok na matukoy ang mga entry point upang matugunan ang mga isyung pang-gender sa konteksto ng salungatan.

Inaasahan ang mga kalahok na may taglay nang kaalaman tungkol sa *gender analysis* at *gender mainstreaming*.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng:

| Sesyon | Pamagat | Pamagat Oras |
|---|---|---|
| 1 | Pagtukoy sa mga Entry Point para Matugunan ang mga Gender na Usapin sa Salungatan (Unang Bahagi) | 45 minuto |
| 2 | Gender Mainstreaming sa Konteksto ng Salungatan | 1 oras, 30 minuto |
| 3 | Pagtukoy sa mga Entry Point para Matugunan ang mga Gender na Usapin sa Salungatan (Ikalawang Bahagi) | 2 oras, 15 minuto |
| 4 | Ang Apat na Haligi ng Agenda ng Women, Peace and Security sa ilalim ng UNSCR 1325 | 45 minuto |
| 5 | Ang Regional Plan of Action sa Women, Peace and Security | 1 oras |
| 6 | Paglalarawan sa Women, Peace and Security | 1 oras, 45 minuto |

## Sesyon 1 Pagtukoy sa mga Entry Point para Matugunan ang mga Gender na Usapin sa Salungatan (Unang Bahagi)

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Matukoy ang mga kasalukuyang polisiya, estruktura, plano at programa sa gender, kapayapaan, at seguridad. |
| **Metodolohiya** | Pangkatang palihan (workshop) |
| **Oras** | 45 minuto |

**Kagamitan**

- Easel paper
- Markers/pens
- Metacards (iba-ibang kulay)
- Masking tape

**Mahalagang Punto**

1. Ang mga prinsipyo ng agenda ng Women, Peace and Security ay kailangang nakasanib sa mga kasalukuyang batas at polisiya na nagsisilbing pundasyon sa pagbuo ng mga programa na may angkop na mekanismo upang matiyak ang epektibong implementasyon nito.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Batiin ang mga kalahok.
- Ibahagi ang layunin para sa sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (35 minuto)**

- Hatiin ang kalahok sa mga grupo batay sa kanilang bansang pinagmulan. (halimbawa: Indonesia, the Philippines, Thailand, at Viet Nam).
- Bigyan ng metacards at easel paper ang bawat grupo
- Ibahagi ang tanong sa ibaba bilang gabay sa talakayan ng grupo:

> **Gabay na Tanong :** Anong mga batas, polisiya, programa, at mekanismo ang ipinatutupad sa inyong bansa bilang pagtugon sa gender, kapayapaan, at seguridad?

- Bigyan ng 15 minuto ang bawat pangkat upang sagutin ang tanong at ipasulat ang kanilang mga sagot sa metacards. Maaaring magtalaga ng mga kulay para sa

mga sagot halimbawa: (dilaw para sa batas at polisiya; rosas para sa programa; kahel para sa mekanismo).

- Pagkatapos ng 15 minuto, ipapaskil sa grupo ang kanilang metacards sa easel paper.
- Gamitin ang World Café Method upang payagan ang mga kalahok ng grupo na umikot at mabasa ang sagot ng ibang pangkat. Isang kalahok ng bawat grupo ang maiiwan upang sumagot sa mga tanong ng mga kalahok ng ibang grupo.
- Bigyan ng 3 minuto ang bawat grupo upang basahin at talakayin ang mga sagot na nailahad sa mesa ng ibang grupo. Pagkatapos ng 3 minuto, ang bawat grupo ay kailangang pumunta sa susunod na mesa.
- Ulitin ang prosesong ito hanggang sa ang lahat ng grupo ay nakabisita sa lahat ng mesa.
    - Paalala sa Facilitator:
        - Sa isang multilingguwal na workshop na Ingles ang midyum ng komunikasyon, mahalagang alamin muna bago magsimula ng sesyon ang pulso ng mga kalahok sa paggamit ng wikang Ingles. Upang mahikayat ang kanilang partisipasyon at pang-unawa, makatutulong kung may probisyon para sa pagsasalin ng Ingles sa kanilang wika. Maaari ding baguhin ang inilaang oras sa mga sesyon at mga gawain.
        - Sa pilot session ng Training of Trainors (ToT), ang mga kalahok na naiwan sa kanilang mesa upang sumagot sa mga tanong ay hindi nagkaroon ng oportunidad na makita ang sagot at pananaw ng ibang grupo. BIlang alternatibo, maaaring payagan ang lahat ng kalahok ng bawat grupo na umikot sa lahat ng mesa upang makita ang kanilang mga sagot. Maaari kang magtalaga ng ilang minuto bago ka magbigay ng buod para sa anumang katanungan mula sa mga kalahok sa sesyon.

**3. Pagtatapos (5 minuto)**

- Lagumin ang mga sagot at pananaw na naibahagi. Bigyang pansin ang mga sagot na magkakapareho gayundin ang naiiba sa bawat pangkat na nagbahagi.
- Bigyang diin na ang mga kababaihang mula sa magkakaibang pinagmulan ay nahaharap sa iba't ibang antas ng hamon at oportunidad patungkol sa gender, kapayapaan, at seguridad:
    - Ang pagkakaiba-ibang ito ay nasasalamin sa pagkakaroon o kawalan ng mga kaugnay na polisiya at mekanismo. Ang isang matinding hamon ay nakasalalay sa epektibong paggamit ng mga oportunidad upang matugunan ang mga espesipikong pangangailangan ng mga kababaihan sa mga lugar na apektado ng salungatan. Ang mga katotohanang ito ay masusing pag-aaralan at tatalakayin sa mga susunod na sesyon ng training.

## Sesyon 2 *Gender Mainstreaming* sa Konteksto ng Salungatan

**Layunin** Maipakilala ang konsepto ng *gender mainstreaming* sa konteksto ng salungatan.

**Metodolohiya** Lektura

**Oras** 1 oras and 30 minuto

**Kagamitan**

- Laptop
- Proyektor

**Mahalagang Punto**

1. Ang mga estratehiyang ginagamit upang maipalaganap ang agenda ng Women, Peace and Security ay kinakailangang komprehensibo at nakasanib sa iba't ibang aspekto ng proseso ng pag-unlad.
2. Ang pagtukoy ng mga entry point ng gender mainstreaming ay isang mahalagang paraan upang epektibong maisasanib ang agenda ng Women, Peace and Security sa lahat ng kaugnay na aspekto.
3. Ang mga kagamitan para sa gender mainstreaming ay kailangang makatugon sa natatanging hamon na kinakaharap ng mga kababaihan (bata man o matanda) kaugnay ng seguridad.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (10 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konseptong tumatak sa kainlang isipan.
- Ibahagi ang layunin ng sesyon na ito.
- Ipaliwanag na ang sesyong ito ay magpopokus sa pag-unawa sa konsepto ng gender mainstreaming at ang praktikal na aplikasyon nito sa pagtugon sa magkakaibang tungkulin o bahaging ginagampanan at pangangailangan ng mga kababaihan na nasa sitwasyon ng salungatan. Sakop nito ang kahalagahan ng gender mainstreaming sa pagpapalaganap ng kapayapaan, pagpapanatili ng kapayapaan, at pagtataguyod ng kapayapaan na may kaugnayan sa polisiya, programa, at mga gawain.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Tiyaking maiangkop ang sesyong ito na naaayon sa tiyak na konteksto ng mga kalahok.

## 2. Interaktibong Lektura (75 minuto)

- Ilahad ang mahahalagang konsepto ng gender mainstreaming:
  - Mahalagang talakayin ang gender mainstreaming bilang estratehiya na naggagaling sa CEDAW, Beijing Platform for Action, the Sustainable Development Goals and UNSCRs on Women, Peace and Security.
  - Noong 1997, binigyang kahulugan ng UN Economic and Social Council ang gender mainstreaming bilang "proseso ng pagtataya sa mga implikasyon sa babae at lalaki ng anumang planong aksiyon, maging ng mga batas, polisiya, programa, sa lahat ng aspekto at antas. Isa itong estratehiya na ang mga hamon at karanasan na kinakaharap ng mga babae gayundin ng mga lalaki ay ginagawang mahalagang bahagi ng disenyo, implementasyon, pagmo-monitor at ebalwasyon ng mga polisiya at programa sa lahat ng aspektong poilitikal, ekonomiko at panlipunan. Ito ay upang pantay na makinabang ang babae at lalaki at mawala ang di-pagkakapantay-pantay sa lipunan. Ang pangunahing layunin nito ay makamit ang pagkakapantay-pantay ng gender sa lipunan.
  - Ang mainstreaming ng gender sa sitwasyon ng salungatan ay naaayon sa mga layunin ng CEDAW, partikular na sa General Recommendation No. 30 kung saan nakasaad na "sa pagtatanggol ng mga karapatang pantao ng kababaihan sa lahat ng panahon, ang pagsusulong ng substantive gender equality bago, sa gitna ng, at pagkatapos ng salungatan at ang pagtitiyak na ang iba't ibang karanasan ng kababaihan ay tunay na nakasanib sa lahat ng prosesong rekonstruksyon at pangkapayapaan".
- Paalalahanan ang mga kalahok sa kahalagahan ng Modyul 1 tungkol sa *Gender Analysis* at bigyang diin na ang prosesong ito ay nagsisilbing unang hakbang sa pagsasagawa ng isang makabuluhang gender mainstreaming na inisyatiba.
- Magpatuloy sa lektura. Simulan ito sa pagtukoy ng mga *entry point*:
  - Sa mga programa, proyekto at gawain para sa kababaihan na may kaugnayan sa pagpigil sa salungatan at mga sitwasyon pagkatapos ng salungatan, kinakailangan ng gender mainstreaming ang mga interbensyon sa aspekto ng pagpaplano, paggawa ng programa at badyet, implementasyon, pagmo-monitor at ebalwasyon.
  - Sa implementasyon ng gender mainstreaming sa mga institusyon o komunidad, may apat na punto na maaaring gamitin:

    1. Pagtukoy sa mga tao na magiging isponsor ng mga gawain ng mainstreaming. Maaari itong kinabibilangan ng mga taong may impluwensiya sa mga

institusyon at komunidad, nagtataglay ng kapangyarihan, impluwensiya, at boses na nakahihikayat sa kanyang mga tagasunod. Ang isa pang pangkat ay ang mga change agent o mga taong magtatrabaho upang makamit ang mga layunin ng mainstreaming. Ang mga taong ito ay itinalaga ng institusyon upang ipatupad ang natukoy mga layunin. Ang isa pang pangkat ng tao ay ang mga advocate, na bagaman hindi direktang kalahok ng institusyon ay nagbibigay ng suporta sa mga gawain sa mainstreaming at iginagalang sa larangang kinabibilangan at may impluwensiya sa mga taong may kinalaman sa paggawa ng desisyon.

2. Paglalagay ng mga polisiya na susuporta sa mainstreaming gayundin ng mga alituntunin, proseso, at mekanismong naglalayong makamit ang mga layunin ng mainstreaming.
3. Bumuo at magpatupad ng mga programang estratehiko na magkakaroon ng epekto sa pamumuhay ng mga kababaihan.
4. Maglagay ng mga mekanismo na makatutulong sa pagkamit ng mga layunin ng mainstreaming. Ito ay maaaring kabilangan ng pagtatatag ng mga espesyalisadong sistema o paglikha ng mga opisina na nakatalagang tumugon sa pangangailangan ng mga kababaihan. Kailangang may sapat na badyet at mapagkukunan upang matiyak ang matagumpay na implementasyon ng mga inisyatiba ng mainstreaming.

- Paalala sa Facilitator:
  - Batay sa karanasan at feedback mula sa pilot ToT, mahalagang maging malinaw ang legal na batayan ng gender mainstreaming. Gawin ding saligan ang mga paniniwalang panrelihiyon na nagpapakita ng suporta sa pagkakapantay-pantay ng gender. Ang ganitong konteksto ay kinakailangan upang mapahalagahan at maunawaan ito ng mga kalahok lalo na ang mula sa konserbatibong relihiyon at paraan ng pamumuhay.

**3. Pagtatapos (5 minuto)**

- Bilang pagtatapos, bigyang diin ang mga sumusunod:
  - Ang aplikasyon ng mga kagamitang may kinalaman sa gender mainstreaming para sa mga Women, Peace, and Secutiy ay nangangailangan ng masusing kontekstuwalisasyon.
  - Ang mga instrumento o kasangkapan sa gender analysis, kabilang ang mga mekanismo sa pagmo-monitor ay maaaring isaayos na tutuhon sa mga tiyak na pangangailangan sa bawat sitwasyon.
  - Paalala sa Facilitator:

- Bilang paghahanda sa sesyon, makatutulong ang pag-aaral sa mga sumusunod na sanggunian:
  - UN CEDAW GR 30 on women in conflict prevention, conflict and post-conflict situations (UN CEDAW)
  - Gender Mainstreaming Principles, Dimensions, and Priorities for PVE (UN Women)
  - Integrating Gender in Project Design and Monitoring for the Security and Justice Sector (DCAF, OSCE, UN Women)

## Sesyon 3 Pagtukoy sa mga *Entry Point* para Matugunan ang mga Gender na Usapin sa Salungatan (Ikalawang Bahagi)

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Matukoy ang mga kakulangan at hamon sa mga kasalukuyang polisiya, estruktura, plano at programa para sa Women, Peace and Security |
| **Metodolohiya** | Pangkatang Palihan (workshop) |
| **Oras** | 1 oras and 30 minuto |

**Kagamitan**

- Laptop
- Projector
- Metacards sa easel papers para sa bawat grupo mula sa Sesyon 1 na pangkatang gawain
- Mga kopya ng "Gaps and Challenges" gabay na mga tanong at blangkong talahanayan
- Pen/markers

**Mahahalagang Punto**

1. Mahalagang matukoy ang mga kakulangan at hamon sa mga batas, polisiya, programa at mekanismo pagdating sa pagtugon ng di-pagkakapantay-pantay ng gender at partisipasyon ng kababaihan sa usapin ng kapayapaan at seguridad.
2. Ang mga kakulangan at hamong ito ay maaaring gamitin upang masimulan ang pagpapalakas sa mga kasalukuyang mga entry point ng gender mainstreaming.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konseptong tumatak sa kainlang isipan.

- Ibahagi ang layunin ng sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (15 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok ayon sa pagpapangkat nila sa Sesyon 1. Sabihan sila na dalhin ang kanilang metacards at easel paper na nagamit nila sa nasabing sesyon.
- Ibigay sa bawat pangkat ang mga gabay na tanong sa ibaba: (I-project sa screen kung maaari)

**Mga Gabay na Tanong sa mga Kakulangan at Hamon:**

- Sa pagsusuri ng mga batas, polisiya, programa at mga mekanismo sa inyong bansa, anong mga kakulangan at hamon ang matutukoy ninyo sa pagtugon ng di-pagkakapantay-pantay ng gender at partisipasyon ng kababaihan sa usapin ng kapayapaan at seguridad.?
- Ano-ano ang bahaging ginagampanan ng babae at lalaki sa gitna ng mga kakulangan at hamong natukoy ninyo?

Ilahad ang inyong mga sagot sa tsart sa ibaba:

| Inisyatiba | Tiyak na Aksiyon | Kakulangan/Hamon | Tungkulin ng Babae at Lalaki |
|---|---|---|---|
| Batas/Polisiya | | | |
| Mekanismo | | | |
| Programa | | | |

- Papiliin ang grupo ng isang kalahok na magsisilbing tagapag-ulat sa plenaryo.
- Bigyan ng 15 minuto ang pangkat upang sagutin ang mga tanong.

**3. Plenaryo (20 minuto)**

- Hilingin sa tagapag-ulat ng grupo na ilahad ang mga tampok na impormasyon sa kanilang talakayan. Maglaan ng oras para sa pagsagot sa mga tanong pagkatapos ng bawat presentasyon.

**4. Pagtatapos (5 minuto)**

- Lagumin ang talakayan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga magkakaparehong sagot na naibahagi ng mga pangkat.

- Bigyang diin ang kahalagahan ng pagbabahagi ng mga karanasan sa bansang kinakatawan partikular sa posibleng mga *entry point* na maaaring gamitin sa pagtugon ng mga gender na usapin.
- Bigyang diin din na ang mga oportunidad sa bawat *entry point* para sa gender mainstreaming ay patuloy na nagbabago at sa gitna ng mga hamong kinakaharap, palaging may posibilidad sa isang makabuluhang pakikipag-ugnayan.
- Bigyang pokus na ang mga karaniwang karanasan ay maaaring pagkunan ng mg kalahok bilang mahalagang pagmumulan ng pagkatuto at inspirasyon sa kani-kanilang lugar at konteksto.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Nang isinasagawa ang pilot ToT, naibahagi ng mga kalahok na magkakapareho ang kanilang mga karanasan tungkol sa mga hamong kinakaharap hinggil sa pagpopondo para sa proyektong pangkababaihan, kapayapaan, at seguridad kasama na rin ang kakulangan ng pagpapahalaga ng pamahalaan sa usaping ito.
    - Sa puntong ito ng training, tatayain ng facilitator ang antas ng pang-unawa at abilidad ng mga kalahok na gayahin ang mga layunin ng training o pagsasanay. Mahalagang tukuyin ang mga aktibong kalahok at hikayatin ang hindi masyadong aktibo o hindi nagsasalita na maging aktibo sa pakikisangkot sa mga gawain. Sa isang multilingual training, mahalagang salik na nakahahadlang ang wika na kailangang bigyan ng masusing konsiderasyon.

## Sesyon 4 Ang Apat na Haligi ng Agenda ng Women, Peace and Security sa ilalim ng UNSCR 1325

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Maipakikilala ang apat na haligi ng agenda ng Women, Peace and Security (WPS). |
| **Metodolohiya** | Pangkatang Palihan (workshop)<br>Lektura |
| **Oras** | 1 oras |

**Kagamitan**

- Laptop
- Projector
- Cards na may pangalan at kahulugan ng bawat haligi ng UNSCR 1325
- Mga laro sa UNSCR 1325 at UNSCR 1820

**Mahahalagang Punto**

1. Ang apat na haligi ng UNSCR 1325 ay kumakatawan sa mahahalagang bahaging dapat pagtuunan ng pansin sa WPS Agenda.
2. Ang apat na haligi ng UNSCR 1325 ay mga kasangkapang nakatutulong para maipalaganap ang WPS Agenda sa pamamagitan ng mga natukoy na mga action point.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konseptong tumatak sa kainlang isipan.
- Ibahagi ang layunin ng sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (5 minuto)**


- Hatiin ang mga kalahok sa dalawang grupo.
- Bigyan ang bawat grupo ng isang set ng mga card na naglalaman ng apat na konseptong may kaugnayan sa mga resolusyon ng WPS: *Peacekeeping, Peacemaking, Post-conflict Reconstruction, Peacebuilding*.
- Bigyan din ang bawat grupo ng kahulugan ng bawat konsepto. Sabihin sa bawat grupo na pagtambalin o magkakapares ang konsepto at kahulugan nito.


**3. Interaktibong Lektura (35 minuto)**


- Ilahad ang apat na haligi sa mga kalahok:
  - **Pagpigil sa Salungatan (Peacekeeping)**
    - mga hakbang upang mapigilan ang paglubha ng sitwasyon ng salungatan (halimabawa, pagtatalaga ng UN Missions, maagang pagbibigay ng babala, pangangalap ng impormasyon)
  - **Paglutas ng Salungatan (Peacemaking/Peace Negotiations/Peace Process)**
    - paghaharap ng mga kasangkot na grupo para sa pagbabalangkas ng kasunduan
  - **Pagbangon Pagkatapos ng Salungatan, Rekonstruksyon at Pagkakasundo (Post-conflict Recovery, Reconstruction and Reconciliation) (DDR, *Transitional Justice, Normalization*)**
    - pagpapatupad ng kasunduang pangkapayapaan
    - pagtatalaga ng operasyong pangkapayapaan (upang mapanatili ang kapayapaan)
    - pagsasama ng paghahanap ng katotohanan, mga reparasyon, at ibang

mga hakbang upang mapigilan ang mga bagong paglabag, pagpapalakas ng pansibikong lipunan, mga inisyatiba ng memoryalisasyon

- **Pagpapanatili ng Kapayapaan (Peacebuilding)**
  - pagtugon sa mga pinag-uugatan ng salungatan
  - pagbabagong kultural, poilitikal, at estruktural na anyo o balangkas na nagbibigay-daan sa salungatan (kilala bilang Conflict Transformation)
  - relasyon at institusyonal na reporma at pagtatatag (halimbawa, konstitusyonal, legal electoral educational reforms)
- Balikan ang kasaysayan at mahahalagang bahagi ng UNSCRs on WPS, lalo na ang UNSCR 1325 at 1820
  - May apat na haligi ang UNSCR 1325: 1) Ang bahaging ginagampanan ng kababaihan sa pagpigil sa salungatan; 2) ang partisipasyon ng kababaihan sa pagpapanatili ng kapayapaan; 3) ang proteksyon ng mga karapatan kababaihan (bata o matanda) bago at pagkatapos ng salungatan; at 4) ang mga espesipikong pangangailangan ng mga kababaihan sa panahon ng repatriyasyon, paglipat ng paninirahan (resettlement) at rehabilitasyon, reintegrasyon, at rekonstruksyon pagkatapos ng salungatan.
  - **Pagpigil sa Salungatan -** Paglalapat ng mga pananaw sa gender at ng partisipasyon ng kababaihan sa pagpigil sa pag-usbong, pagpapalaganap, at muling pag-usbong ng ng marahas na salungatan gayundin ang pagtugon sa ugat o sanhi ng salungatan kabilang na rin ang pagbaba ng mga sandata.
  - **Partisipasyon –** Buo at pantay na partisipasyon at representasyon ng mga kababaihan sa lahat ng antas ng paggawa ng desisyon, maging sa mga prosesong pangkapayapaan, panghalalan, posisyon sa UN, at ang malawak na aspektong panlipunan at politikal.
  - **Proteksyon –** Mga tiyak na proteksyon sa karapatan at mga pangangailangan ng mga kababaihan sa sitwasyon ng salungatan at pagkatapos ng salungatan kasama ang pag-uulat at prosekusyon ng mga karahasang seksuwal at batay sa gender.
  - **Rehabilitasyon, reintegrasyon, at rekonstruksyon pagkatapos ng salungatan -** Pagtataguyod at pagtitiyak ng pantay na akses ng mga kababaihan sa anumang tulong, panlokal at internasyonal, na susuporta sa pangangailangan at kapasidad ng mga kababaihan sa lahat ng pagtulong at donasyong ibinibigay pati na rin sa mga pagsusumikap ng pagbangon nila.


The UNSCRs
UNSCRs on Women, Peace and Security (2000-present)
• 1325 (2000)
• 1820 (2009)
• 1888 (2009)
• 1889 (2010)
• 1960 (2011)
• 2106 (2013)
• 2122 (2013)
• 2242 (2015)
• 2467 (2019)
• 2493 (2019)
1325
Accountability
Decision-making
NAP
GenderEquality
RESOLUTION 1820
gnwp Global Network of Women Peacebuilders
in partnership with Canada
UN WOMEN


The UNSCRs
Security Council adopted nine additional resolutions on WPS. These resolutions are often referred to as belonging to two sets of categories.
The **first group** of resolutions promotes women's active and effective **participation** in peacemaking and peacebuilding: SCR 1325 (2000), SCR 1889 (2013), SCR 2122 (2013), SCR 2242 (2015) and SCR 2493 (2019).
The **second group**, beginning with the adoption of SCR 1820 in 2008, aims to prevent and address conflict-related **sexual violence** (CRSV): S/RES/1820 (2008), S/RES/1888 (2009), S/RES/1960 (2010), S/RES/2106 (2013), and S/RES/2467 (2019).
gnwp Global Network of Women Peacebuilders
in partnership with Canada
UN WOMEN


UNSCR 1820 (2009)
• First institutionalized declaration of sexual violence as an international peace and security issue
• Sexual violence necessitates state response because it is committed with impunity thereby exacerbating conflicts and impeding the restoration of peace
STOP RAPE NOW
UN ACTION AGAINST SEXUAL VIOLENCE IN CONFLICT
gnwp Global Network of Women Peacebuilders
in partnership with Canada
UN WOMEN

- Ipamahagi ang mga pagsasanay sa susunod na pahina at magkaroon ng interaktibong talakayan sa mga kalahok tungkol sa pagsagot nito upang matiyak na natatandaan nila ang mahahalagang probisyon ng mga resolusyong 1325 at 1820.
- Ipakita sa mga kalahok ang listahan ng mga bansa na kasalukuyang may National Action Plans (NAPs), saka ipakita at bahagyang talakayin ang NAP ng Pilipinas bilang halimbawa kung paano nagagamit ang mga haliging tinalakay sa pagbuo ng NAP ng bansa.

**Mga Pangunahing Punto ng UNSCR 1325 at 1820**

**UNSCR 1325.** Fill in the blanks.

1. Ensure _______ participation of women at all decision-making levels in national, regional and international institutions and mechanisms for the prevention, management and resolution of conflict
2. Incorporate a gender perspective into _________operations
3. Increase support for _______training efforts
4. Adopt a gender perspective when negotiating and implementing __________
5. Take special measures to protect women and girls from ________, particularly rape and other forms of sexual abuse.
6. Prosecute those responsible for genocide, crimes against humanity and war crimes including sexual and other violence against women and girls and exclude these crimes when feasible from ______

**UNSCR 1820. Fill in the blanks.**

7. Adopt appropriate steps to address systematic __________
8. Complete _______ of all acts of sexual violence against civilians
9. Take measures to protect ______ from all forms of sexual violence
10. Notes that rape and other forms of sexual violence can constitute a ______or a crime against humanity

*Answer Key: 1. increased 2. peacekeeping 3. gender-sensitive 4. peace agreements 5. gender-based violence 6. amnesty 7. sexual violence 8. cessation 9. civilians 10. war crime*

**4. Plenaryo (10 minuto)**

- Sa pagtalakay ng paksa, tiyaking mabibigyang diin ang mga sumusunod na punto:
  - Mahalaga ang paglalahad ng pangglobal na agenda patungo sa pambansang agenda na suportado ng mga datos na nagpapakita ng mga pagbabago sa partisipasyon ng mga kababaihan sa paggawa ng desisyon sa paglipas ng panahon.
  - Napakahalaga na isama ang apat na haligi sa kani-kanilang mga pambansang plano, o kung walang NAP, anumang maiuugnay na polisiyang tumutugon sa agenda ng Women, Peace and Security.
  - Sa pagbuo ng balangkas para sa implementasyon ng WPS agenda, kailangang isaalang-alang ang mga natatanging realidad at umiiral na polisiya ng bawat bansa. Maaari ding magkaroon ng karagdagang haligi maliban sa apat na natalakay sa modyul na ito.

**5. Pagtatapos (5 minuto)**

- Ipaalala ang mga sumusunod:
  - Maraming dapat gawin upang maipatupad ang WPS agenda.
  - Ang mga haliging nakabalangkas sa NAPs on WPS ay magsisilbing mga kritikal na aspekto sa pagtukoy ng tiyak na aksiyon at mga palatandaan sa implementasyon ng WPS agenda.
  - Ang mga aksiyon na batay sa konteksto ay maaaring mag-iba at magbago batay sa mga natatanging sitwasyon ng bawat bansa o ng komunidad kung saan may salungatan o may umiiral nang salungatan.
  - *Paalala sa Facilitator:*
    - Ang mga sumusunod na sanggunian ay maaaring makatulong sa mga lektura at talakayan sa sesyong ito:
      - UNSCR 1325
      - UN Women Sourcebook on Women, Peace and Security

## Sesyon 5 Ang ASEAN Regional Plan of Action sa Implementasyon ng Women, Peace and Security

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Maipaliwanang ang ASEAN Regional Action Plan sa implementasyon ng agenda ng Women, Peace and Security (RPA WPS). |
| **Metodolohiya** | Lektura |

**Oras** 1 oras

**Kagamitan**

- Laptop
- Projector

**Mahahalagang Punto**

1. Mahalagang kilalanin na ang mga building block na nagbigay-daan sa pagkakabuo ng RPA WPS. Ang dokumentong ito ay bunga ng mga pagsisikap ng gobyerno at pansibikong lipunan.
2. Isang komprehensibong dokumento ang RPA WPS na nagtataguyod at nagsusulong ng karapatan at tungkulin ng mga kababaihan sa pagpigil ng salungatan, resolusyon nito, at pagsusumikap ng pagpapanatili ng kapayapaan pagkatapos ng salungatan sa rehiyong ASEAN.
3. Naglalayong pagsamahin ang RPA WPS ang perpekstiba ng gender sa lahat ng aspekto ng mga pagsisikap sa kapayapaan at seguridad upang matugunan ang mga espesipikong pangangailangan at hamong kinakaharap ng mga kababaihan sa habang at pagkatapos ng mga salungatan.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konseptong tumatak sa kainlang isipan.
- Ibahagi ang layunin ng sesyong ito.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Tandaan na ang sesyong ito ay isang refresher para sa mga kalahok dahil nagkaroon na sila ng talakayan ng RPA WPS. Ngunit, kung bago ang paksang ito sa isang kalahok, maaaring magbigay ng isa pang sesyon upang mataya ang kanilang kaalaman sa apat na haligi na nasa RPA WPS. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng isang workshop kung saan babalikan ng mga kalahok ang RPA WPS at ikokompara ito sa gender analysis na nagawa nila sa Modyul 1 o ng mga entry point sa gender mainstreaming na nagawa nila sa Modyul 2.

**2. Interaktibong Lektura (40 minuto)**

- Ilahad ang mga sumusunod:
  - Ang RPA WPS ay resulta ng ilang mga dokumento ng ASEAN tungkol sa iba't ibang isyu ng gender.
  - Kinikilala ng ng ASEAN WPS Agenda ang magkakasalikop na mga hamon

at balakid kaugnay ng kapayapaan at seguridad at nakadisenyo ito para matugunan ang tradisyonal at umuusbong na hamong panseguridad gaya ng climate change, kalamidad, pandemya, at karahasang ekstremismo.

- Tanungin ang mga kalahok kung ang mga isyung umuusbong ay bahagi ng realidad ng kanilang konteksto at kung maiuugnay nila ang mga ito sa layunin ng ASEAN sa pagpapalawak ng saklaw ng seguridad sa agendang ito.
- Ipagpatuloy ang talakayan:
  - Ang RPA WPS ay nakabatay sa mga umiiral na balangkas na global at mga inisyatibang rehiyonal na may kaugnayan sa WPS at gumagana upang palakasin ang epekto nito kasabay ng pagtugon sa mga natukoy na mga kakulangan.
  - Ang mahahalagang layunin ng ASEAN Regional Plan on WPS ay kinabibilangan ng:
    - Pagbibigay ng kapangyarihan sa partisipasyon ng kababaihan: Nilalayon ng plano ang pagbibigay kabuluhan sa partisipasyon ng kababaihan sa lahat ng antas ng pagpigil sa salungatan, paglutas ng salungatan, at ng pagpapanatili ng kapayapaan.
    - Gender mainstreaming: Nilalayon nitong maisanib ang perspektiba ng gender sa lahat ng aspekto ng pagsisikap para sa kapayapaan at seguridad sa pagtugon ng mga tiyak na pangangailangan at hamong kinakaharap ng mga kababaihan habang at pagkatapos ng salungatan.
    - Proteksyon ng mga kababaihan (bata o matanda): Binibigyang diin ng plano ang pagpigil at pagtugon sa karahasan laban sa mga kababaihan, pati ang karahasang seksuwal at batay sa gender na karaniwang dumarami kapag may salungatan.
    - Pagbuo ng Kapasidad at Kamalayan: Binibigyang halaga nito ang pagbuo ng kapasidad ng mga kaugnay na institusyon at mga stakeholder sa epektibong pagpapatupad ng gender-responsive na mga polisiya sa kapayapaan at seguridad.
    - Pangangalap ng Datos at Pagsusuri nito: Isinusulong ng plano ang pangangalap ng gender-disaggregated na datos tungkol sa mga isyung pangkapayapaan at seguridad upang ipaalam ang mga polisiya at paggawa ng desisyong nakabatay sa ebidensiya.
    - Kolaborasyon at Koordinasyon: Binibigyang diin nito ang pagpapalakas ng kolaborasyon at koordinasyon sa pagitan ng mga miyembrong bansa ng ASEAN, organisasyong pansibiko sa Lipunan, at iba pang kaugnay na mga aktor upang matiyak ang isang komprehensibo at malinaw na pagtingin sa WPS Agenda.

- Sa pagpapatupad ng Regional Action Plan, ang mga bansang kalahok ng ASEAN ay lilikha ng higit na ingklusibo, mapayapa, at may seguridad na kapaligirang para sa mga kababaihan sa rehiyon at matugunan ang mga tiyak na hamong pangender na kinakaharap nila habang at pagkatapos ng salungatan.
- Ang matrices o talaan ng prayoridad na aksiyon ay nahahati sa apat na magkakaibang tsart, tumatalakay ang bawat isa sa mahahalagang haligi ng WPS agenda – proteksyon, partisipasyon, pagpigil at pagbibigay tulong at pagbangon. Ang panlimang matrice ay nakalaan sa implementasyon, koordinasyon, pag-uulat, pagmo-monitor, at ebalwasyon.
- Ang layunin ng mga matrices na ito ay mabigyang gabay ang mga pagsisikap sa implementasyon ng WPS agenda upang matiyak ang pagsasanib ng lahat ng inisyatiba sa pagsusulong ng kapayapaan at seguridad sa rehiyon ng ASEAN.
- Ang RPA WPS ay nagbibigay ng mekanismo sa loob ng ASEAN upang magabayan ang implementasyon, pagmo-monitor at ebalwasyon nito.
- Ang ilang mga miyembro ng ASEAN ay may mga naipatupad na polisiya sa Women, Peace and Security:
    - Noong 2010, ang Pilipinas ang unang bansa sa Asya na naglunsad ng NAP na sinundan ng Indonesia noong 2014. Nagkaroon ng pagsusuri ng NAP ang Pilipinas at noong 2014, pagkatapos ng serye ng mga konsultasyon ay pinalakas ang mga punto ng aksiyon o action points at mga palatandaan para sa pangalawang henerasyon ng NAP. Inilunsad nila noong 2017 ang ikalawang opisyal na NAP para sa panahong 2017-2022. Ang Pilipinas din ang kauna-unahan sa rehiyon na ginawang lokal ang WPS na isinagawa sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) sa pamamagitan ng pagbuo at implementasyon ng BARMM Regional Plan of Action on WPS.
    - Isinulong ng Indonesia ang WPS agenda sa mainstream ng nasyonal na antas sa pamamagitan ng National Action Plan for the Protection and Empowerment of Women and Children in Social Conflicts, o RAN P3AKS, sa panahong 2014-2019. Noong 2021, pinagtibay ng Indonesia ang kanilang ikalawang NAP for WPS, 2020-2025, gayundin ang National Action Plan for Preventing and Countering Violent Extremism na nagdulot ng Terorismo (RAN-PE) 2020-2024.
    - Ibinigay ng Thailand ang Measures and Guidelines on Women and the Promotion of Peace and Security, na may suporta ng UN Women.
    - Ang Law on Gender Equality, na pinagtibay ng Viet Nam noong 2006, ay

ginagarantiya ang pantay na karapatan sa mga kababaihan at nanawagan sa mga ahensiya ng pamahalaan ng pagpapatupad ng gender strategies. Ang National Strategy on Gender Equality para sa Viet Nam ay pinagtibay noong 2010 para sa mga taong 2011- 2020 at noong 2021 para sa mga taong 2021-2030.

- Binubuo ng apat na pangunahing haligi ang ASEAN RPA WPS Agenda at may hanay ng mga palatandaan ang bawat isang set:
  - **Pagpigil:** Ang haliging ito ay nakapokus sa pagpigil sa salungatan at karahasan at kabilang dito ang mga palatandaan kaugnay ng mga mekanismo sa maagang pagbababala, estratehiya sa pagpigil ng salungatan, at pagtugon sa mga ugat o sanhi ng salungatan. Ang mga palatandaan ay ang mga:
    - Pagkakaroon ng epektibong sistema ng mga maagang pagbibigay ng babala kapag may potensiyal na sitwasyon ng salungatan
    - Ang integrasyon ng mga konsiderasyon kaugnay ng gender sa mga estratehiyang gamit sa pagpigil ng salungatan
    - Ang pagsama sa mga kababaihan sa paggawa ng desisyon sa mga usapin tungkol sa kapayapaan at seguridad.
  - **Partisipasyon:** Ang haliging ito ang nagpapalakas sa makabuluhang partisipasyon ng mga kababaihan sa pagpigil sa mga sitwasyon ng salungatan, ang resolusyon nito at sa pagsisikap na mapapanatili ang kapayapaan. Ang mga palatandaan ay ang mga:
    - Proporsyon o bahagdan ng mga kababaihan kabilang sa negosasyong pangkapayapaan at mga tungkuling may kaugnayan sa pagdedesisyon sa mga bagay tungkol sa seguridad.
    - Pagkakaroon ng mekanismo upang mabigyan ng proteksyon ang mga karapatan ng kababaihan at ang kanilang kaligtasan habang nakikibahagi sila sa prosesong pangkapayapaan.
    - Ang pagkakaroon ng *gender sensitive* na training para sa mga taong kabilang sa pagpapanatili ng seguridad at ang kabilang sa puwersang nakaatas sa pagpapanatili ng kapayapaan.
- **Proteksyon:** Ang haliging ito ay nakapokus sa pagbibigay proteksyon sa karapatan ng mga kababaihan at ang kanilang kaligtasan sa panahon ng salungatan at kapag natapos na ito. Ang mga palatandaan ay ang mga:
    - Ang bilang ng mga naiulat na kaso ng karahasan laban sa mga babae at batang babae sa panahon salungatan.
    - Ang pagkakaroon at accessibility ng mga serbisyo at suporta para sa mga nakaligtas sa karahasang batay sa gender.
    - Ang pagpapatibay at pagpapatupad ng mga batas at polisiya para

sa proteksyon ng mga kababaihan sa mga lugar na apektado ng salungatan.

- ▹ Pagtulong at Pagbangon: Ang haliging ito ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga kababaihan sa mga pagsisikap na magbigay ng tulong at makabangon pagkatapos ng salungatan. Ang mga palatandaan ay mga:
  - ▹ Akses sa mga batayang serbisyo (kalusugan, edukasyon, hanapbuhay) para sa mga babae at batang babae pagkatapos ng salungatan.
  - ▹ Ang pagsama ng mga konsiderasyong pang-gender sa planong rekonstruksyon at pag-unlad pagkatapos ng salungatan.
  - ▹ Partisipasyon ng kababaihan sa pagdidisenyo at implementasyon ng programa sa pagbangon pagkatapos ng salungatan.

- Hikayatin ang mga kalahok na magbahagi ng impormasyon sa mga nagawa ng kalahok na bansa ng ASEAN patungkol sa mga palatandaan kasama ang mga hamon o balakid sa pagpapatupad ng mga ito.

**3. Pagtatapos (5 minuto)**

- Sa pagtatapos ng sesyon, ipagbigay alam sa mga kalahok na maliban sa pagbibigay ng oryentasyon sa RPA WPS, itinatampok din ng sesyong ito ang intensyon ng ASEAN na hikayatin ang mga kalahok na bansa upang ipatupad o gamitin ang mga palatandaang (indicator) ito sa pagbuo ng kanilang NPA. Ang hamon sa ASEAN ay nakasalalay sa paghimok sa kalahok na bansa na gamitin ang nasabing mga palatandaan.
- Bigyang diin na ang RPA WPS ay kailangang maging makabuluhan sa mga kalahok nito at tanungin ang mga kalahok kung ang dokumento ay sumasalamin sa agenda ng mga kalahok na bansa.
- Bigyang diin na ang RPA WPS ay isang dokumentong pang-abokasiya para sa lahat ng kasapi. Ang mga hamong kakaharapin ay ang pagsasalin ng agenda sa mga pambansang pagpaplano na isasagawa sa pambansa at panlokal na antas. Kailangan ding tiyakin ang aktibong partisipasyon ng pamahalaan at ng mga pansibikong panlipunan.
  - Paalala sa Facilitator:
    - ▹ Maaaring sumangguni sa ASEAN Regional Plan of Action on WPS kung kinakailangan. Link:
      - https://www.asean.org/wp-content/uploads/2022/11/32-ASEAN-Regional-Plan-of-Action-on-Women-Peace-and-Security.pdf
      - https://www.asean.org/wp-content/uploads/2022/11/32-ASEAN-Regional-Plan-of-Action-on-Women-Peace-and-Security.pdf

## Sesyon 6 Paglalarawan sa Women, Peace and Security

**Layunin**

a. Mabalik-aralan ang manipestasyon ng salungatan sa mga komunidad at bansa ng mga kalahok na tinalakay sa Modyul 1, Sesyon 1

b. Masuri ang mga ugat at pangkalahatang epekto ng salungatan gayundin ang epekto nito sa mga kababaihan

c. Mailarawan ang uri ng kapayapaang pinapangarap ng mga kalahok para sa kanilang mga bansa at komunidad na kinabibilangan

d. Makapagrekomenda ng mga landasin upang makamit ang minimithing kapayapaan

e. Maipaliwanag ang pinalawak na konsepto ng kapayapaan at seguridad sa WPS agenda

**Metodolohiya** Lektura

**Oras** 1 oras

### Kagamitan

- Mga Gabay na Tanong para sa Conflict analysis
- Laptop
- Projector
- Easel paper
- Marker/pens
- Metacards (color coded)
- Masking tape

### Mahahalagang Punto

1. Mahalagang mayroong larawan sa isipan ang uri ng kapayapaan at seguridad na hinahangad natin habang tinatalakay ang mga ahensiya at landasing kailangan sa pagkamit nito.
2. Ang mas malawak at komprehensibong konsepto ng pantaong seguridad sa halip na ang tradisyonal at militaristikong konsepto ng kapayapaan at seguridad ay makatutulong sa pagkamit ng kapayapaang ating pinapangarap.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konsepto na tumatak sa kanilang isipan.
- Ibahagi ang layunin ng sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (30 minuto)**


- Hatiin ang mga kalahok ayon sa bansang pinanggalingan.
- Papiliin ang bawat grupo ng isang tagapag-ulat na magbabahagi sa plenaryo.
- Ipamahagi ang gabay na tanong sa ibaba: (Maaaring i-proect sa screen)
- Papiliin ang bawat grupo ng isang tagapag-ulat na magbabahagi sa plenaryo.
- Ipamahagi ang gabay na tanong sa ibaba: (Maaaring i-project sa screen)
- Bigyan ang grupo ng 30 minuto upang sagutin ang lahat ng mga tanong.

## Mga Gabay na Tanong sa Conflict Analysis

1. Balikan ang mga hamon sa kapayapaan at seguridad na inyong natukoy sa Sesyon 1, Modyul 1.
   a. Ano-ano ang mga ugat o sanhi ng mga ito?
   b. Ano-ano ang kanilang epekto?
   c. Ano-ano ang epekto nito sa mga kababaihan?
2. Ilarawan ito sa easel paper gamit ang conflict tree:

   **Puno:** Banta sa Kapayapaan at Seguridad
   **Ugat:** Sanhi ng Salungatan
   **Sanga:** Epekto ng Salungatan
   **Dahon:** Epekto sa Kababaihan

   *(Source: Search for Common Ground)*




3. Pangarap na Kapayapaan at Landasin Patungo Roon
   a. Sa gitna ng mga bantang ito, ano ang iyong imahen ng kapayapaan at seguridad? Idrowing o iguhit ito sa isang easel paper.
   b. Ano ang mga salik o elemento na kailangan upang masabi mong may kapayapaan? Na ikaw ay nakakaramdam ng kapanatagan at seguridad?

(e.g. kapag natutugunan ang mga batayang pangangailangang pangkabuhayan; kapag nirerespeto ang pagkakaiba-iba)

c. Paano mo makakamit ang iyong pangarap? Magrekomenda ng isang landas na dapat tahakin upang makamit ito sa pamamagitan ng pagguhit ng pana o arrow mula sa conflict tree papunta sa iyong imahe ng kapayapaan.




## 3. Plenaryo (30 minuto)

- Sabihan ang tagapag-ulat na magbibigay ng mga tampok na bahagi ng kanilang talakayan. Kung maaari ay maglalaan din sila ng oras para sagutin ang ilang katanungan pagkatapos ng bawat presentasyon.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Ang sesyong ito ay tutuon sa malalimang pagsusuri ng salungatan at isyu ng seguridad na kinakaharap ng mga kalahok. Maaaring maiiba-iba ang mga alalahanin pati na ang mga banta ng terorismo, alitan ng mga grupong etniko, intolerance, konserbatismo, at mga isyung may kinalaman sa karapatang pantao. Nagbibigay din ito ng oportunidad upang mapalawak ang pag-unawa sa seguridad, pagtransisyon mula sa tradisyonal na kahulugan papunta sa papausbong na hamon. Ang pagpapalitan ng kuro-kuro sa pagitan ng mga kalahok ay magsisilbing mayamang pagkukunan ng mga kaisipan, na magbibigay daan sa mas malalim na pang-unawa sa mga kumplikasyon at maliliit na pagbabago ng mga kaugnay na isyu.


## 4. Interaktibong Lektura (20 minuto)

- Magsimula sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kahulugan ng mga

tradisyonal na konsepto ng kapayapaan at seguridad, na nakikita ang kapayapaan bilang kawalan ng digmaan, at ang seguridad ay:

- Proteksyon ng mga hangganan ng estado mula sa panlabas na banta; proteksyon ng may kapangyarihan sa estado sa panahon ng alitan sa loob ng bansa.
- Integridad ng teritoryo
- Proteksyon ng pambansang soberanya

- Bigyang diin na ang tradisyonal na konsepto ay isang diskursong militar kung saan ang partisipasyon ng sibilyan sa pagbuo ng estratehikong pangseguridad ay limitado.




***Source:*** *Castro, L. and Galace, J. (2018). Peace Education as a Pathway to a Culture of Peace. QC: Center for Peace Education*

- Talakayin ang komprehensibong kahulugan ng pantaong seguridad, kabilang ang kalayaan sa pangangailangan, takot, at kahihiyan, at ibahagi ang pitong sangkap ng pantaong seguridad na tinukoy ng United Nations.
  - Seguridad na Pang-ekonomiko: Pagbibigay ng akses sa batayang mapagkukunan (resources) at oportunidad na pang-ekonomiko gayundin ang pagbibigay  proteksyon sa mga tao at komunidad sa mga kahinaan at suliraning pang-ekonomiko.
  - Seguridad sa Pagkain:  Paggagarantiya na may akses ang lahat sa pagkaing sapat, malinis, at may nutrisyon at tiyaking hindi mararanasan ng lahat ang pagkagutom at malnutrisyon.

- Seguridad sa Kalusugan: Pagtitiyak na may akases ang lahat sa serbisyong pangkalusugan kabilang na ang pagpigil, paggamot, at pagsuporta upang maproteksyonan ang lahat sa mga sakit at mga banta sa kalusugan.
- Seguridad sa Kapaligitan: Pangangalaga sa komunidad at indibidwal mula sa panganib sa kapaligiran at tiyaking likas-kaya ang pamamahala ng mga mapagkukunan. Personal na seguridad: Pagbibigay ng proteksyon sa mga indibidwal mula sa karahasang pisikal, pang-aabuso, at eksploytasyon, at ang pagsusulong sa mga alituntunin ng batas, at karapatang pantao.
- Seguridad sa Komunidad: Pangangalaga sa mga komunidad na ingklusibo at may pagkakaisa na may kakayahang umangkop sa panahon ng salungatan at panlipunang tensyon.
- Seguridad na Pampoilitikal: Pagtitiyak ng partisipasyon ng mga indibidwal sa proseso ng pagdedesisyon at pagbibigay ng proteksyon mula sa represyong politikal at paglabag sa kanilang mga karapatan.

- Lagumin ang uri ng kapayapaan na naiisip ng mga kalahok para sa kani-kanilang bansa at iugnay ito sa komprehensibong kahulugan ng kapayapaan at seguridad.
- Talakayin ang mga landasin ng kapayapaan kasama ang pagsusulong, pagpapalaganap, at pagpapanatili ng kapayapaan na may pokus sa tungkulin ng mga kababaihan. Ang sesyong ito ay konektado sa UNSCR1325, na binibigyang diin ang  makabuluhang partisipasyon ng mga kababaihan sa mga prosesong pangkapayapaan.

**5. Pagtatapos na Gawain  (5 minuto)**

- Tapusin ang sesyon sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagbuo ng larawan sa isipan ng uri ng kapayapaan at seguridad na inaasam habang tinatalakay ang ahensiyang kinakailangan at ang landasin para makamit ito.
- I-project sa screen o basahin nang malakas ang isang kasabihan mula kay dating UN Security Council President Anwarul K. Chowdhury: ***"Women bring new breadth, quality, and balance of vision to our common effort to move away from the culture of war towards the culture of peace."***

**6. Paglalagom at Pagbibigay ng feedback sa Modyul (15 minuto)**

- I-project sa screen ang listahan ng mga sesyon sa modyul na ito at ibigay ang buod ng mahahalagang punto na nakapaloob sa bawat sesyon.
- Hikayatin ang mga kalahok na isulat sa metacards ang feedback nila sa bawat sesyon, tukuyin ang mga aspektong nakatulong, hindi nakatulong, at ang

kanilang rekomendasyon para sa pagpapahusay ng mga ito, kung mayroon man.

- Kolektahin ang mga metacards na may feedback ng mga kalahok.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Ang sesyong ito ay maaaring mapaikli o mapahaba depende sa oras na mayroon.
    - Maaaring gumamit ng evaluation forms sa halip na metacards.

# Modyul 3

# Pag-unawa sa Gender sa Konteksto ng Salungatan

Ang modyul na ito ay naglalayong mapadali ang implementasyon ng agenda ng Women, Peace and Security sa mga lokal na komunidad sa pamamagitan ng pagtukoy ng dapat na isagawang mga hakbang. Ang mga kaisipan, impormasyon, at mga natapos na gawain sa Modyul 1 at 2 ay magsisilbing mahahalagang *input* para sa modyul na ito.

Naglalaman ang modyul na ito ng:

| Sesyon | Pamagat ng Sesyon | Oras |
|---|---|---|
| 1 | Lokalisasyon Bilang Estratehiya sa Implementasyon ng ASEAN RPA WPS, Pagbabahagi ng mga Praktis sa Lokalisasyon ng Agenda ng Women, Peace and Security | 1 oras, 30 minuto |
| 2 | Pagtukoy ng mga Pamamaraan Upang Maipatupad ang Agenda ng Women, Peace and Security | 1 oras, 30 minuto |

## Sesyon 1 Lokalisasyon bilang Estratehiya sa Implementasyon ng ASEAN RPA WPS, Pagbabahagi ng mga Praktis ng Lokalisasyon ng Agenda ng Women, Peace and Security

**Layunin** Maipakita ang iba't ibang mga praktis at pamamaraang ginamit ng mga bansa sa aplikasyon ng mga estratehiyang panresolusyon ng Lokalisasyon ng Women, Peace and Security (WPS) Lektura

**Metodolohiya** Lektura/Presentasyon
Pangkatang Palihan *(workshop)*

**Oras** 1 oras at 30 minuto

**Kagamitan**

- Laptop
- Projector
- Markers/pen
- Easel paper
- Kasong Pag-aaralan tungkol sa lokalisasyon
- Gabay na tanong tungkol sa lokalisasyon

**Mahahalagang Punto**

1. Ang lokalisasyon ay isang estratehiya sa pagbalangkas ng polisiya sa implementasyon ng resolusyon ng WPS o ng *National Action Plans on WPS.*
2. Ang pagbubuo ng mga local na polisiya ay nagpapalakas sa partisipasyon ng kababaihan sa paggawa ng desisyon, alinsunod sa mga layunin ng UNSCR 1325.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (10 minuto)**

- Pagbati sa mga kalahok.
- Ipaliwanang na ang sesyon na ito ay nakabatay sa mga naunang modyul:
  - Sa sesyon na ito, ang mga kaalaman at kaisipang natutuhan sa Modyul 1 at 2 ang magsisilbing pundasyon at *building block*s para sa karagdagang pagtuklas. Ang pagsusuri ng sitwasyon ng salungatan sa mga lokal na pamayanan, ang pagtukoy ng mga *entry point* upang maisanib ang gender at kapayapaan, at ang pagtuklas ng potensiyal na oportunidad ay magsisilbing kolektibong kontribusyon ng mahahalagang kaisipan sa pagpaplano ng epektibo at likas-kayang pagsisikap sa lokal na antas.
- Balikan ang mga ulat at kaisipang ibinahagi ng mga kalahok tungkol sa kasalukuyang estado ng kanilang National Action Plans at/o mga pambansang batas, polisiya o mga programa.
- Tukuyin ang tiyak na layunin para sa sesyon na ito:
  - Maipakita ang iba't ibang mga praktis at pamamaraang ginamit ng mga bansa sa aplikasyon ng mga estratehiyang panresolusyon ng Lokalisasyon ng Women, Peace and Security (WPS).
  - Paalala sa Facilitator:
    - Sa sesyong ito, ang mga kalahok ay kailangang umisip ng malikhaing

paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga kababaihan lalo na ang mga nasa komunidad. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang sitwasyon at paggamit ng kaalamang natutuhan sa Modyul 1, ang mga tagapagsanay na nangunguna sa mga pagsisikap sa lokalisasyon ay kailangang may mga kasanayan sa pag-aangkop ng kanilang mga estratehiya at sa pagtukoy ng pinakaepekitbong paraan para sa pakikipag-ugnayan sa mga kababaihan sa makabuluhang pamamaraan.

**2. Lektura (40 minuto)**

- Ibahagi ang mga sumusunod na kaalaman:
  - **Pagsasagawa ng polisiya sa praktis: Estratehiya ng Lokalisasyon**. Ang pananaw na ito ay nag-uugat sa pagkilala na ang epektibong paggawa at pagpapatupad ng batas ay nangangailangan ng lokal na pamumuno, pagmamay-ari, at partisipasyon. Gumagamit ito ng *bottom-up* na pamamaraan na direktang kinasasangkutan ng mga pangunahing lokal na aktor sa implementasyon ng mga resolusyong WPS sa kanilang komunidad. Pinakikinabangan nito ang kapangyarihan sa paggawa ng desisyon, awtoridad, at opisyal na mandato na nakaatang sa mga lokal na awtoridad gaya ng ipinagkakaloob ng batas sa lokal na pamamahala ng bansa at mga polisiya sa desentralisasyon.
- Ang isang batayang kailangan sa programa ng lokalisasyon ay ang pagkakaroon ng bansa ng isang desentralisadong pamahalaan na may saklaw sa mga sumusunod na dimensyon:
  - **Desentralisasyong Politikal**: pagpapalakas sa mga organisasyong lokal at mamamayan na magkaroon ng impluwensiya sa larangan ng paggawa at pagpapatupad ng polisiya.
  - **Desentralisasyong Administratibo:** ang pangangailangang mailipat ang responsibilidad ng pagpaplano, pinansiyal, at pagganap sa mga espesipikong pampublikong tungkulin.
  - **Desentralisasyong Pisikal:** nagpapahintulot sa mga organisasyong lokal na mangolekta ng buwis at makilahok sa mga kaayusan at kasunduan sa pananalapi upang suportahan ang mga lokal na pamahalaan.
  - Ang pangkalahatang layunin ng lokalisasyon ay mapalakas ang implementasyon ng mga resolusyon ng WPS sa antas na panlokal na magreresulta sa epektibong implementasyon sa pambansa, panrehiyonal, at pangglobal na antas at may espesipikong tuon sa pagsusulong ng aktibong partisipasyon ng mga kababaihan sa proseso ng paggawa ng panlokal na polisiya at pagbuo ng desisyon.

## Implementing UNSCR 1325: Theory of Change

Component 1
Engaging Local Actors
IF
Local authorities, local women's organizations/civil society and other key local stakeholders are convened to analyze the WPS resolutions and the NAP (where it exists) and to identify and discuss the WPS issues affecting their communities

gnwp Global Network of Women Peacebuilders
In partnership with Canada
Ministry of Gender Equality and Family
UN WOMEN

## Implementing UNSCR 1325: Theory of Change

THEN

The local stakeholders will have greater awareness and understanding of the WPS resolutions and how they correspond to their priorities; develop ownership, leadership and commitment to their implementation; increase their capacities to hold duty bearers accountable; and work together to effectively implement them

gnwp Global Network of Women Peacebuilders
In partnership with Canada
Ministry of Gender Equality and Family
UN WOMEN

## Implementing UNSCR 1325: Theory of Change

Component 2
Developing local laws and policies for implementation
IF
Local Action Plans, local by-laws or resolutions, or WPS provisions in local development plans are drafted

gnwp Global Network of Women Peacebuilders

In partnership with Canada

Ministry of Gender Equality and Family

UN WOMEN

## Implementing UNSCR 1325: Theory of Change

THEN


Local stakeholders will have concrete legal and policy instruments to guide their efforts to implement the WPS resolutions, and local civil society will have the tools to hold duty bearers accountable

gnwp Global Network of Women Peacebuilders

In partnership with Canada

Ministry of Gender Equality and Family

UN WOMEN




- Talakayin ang ***Theory of Change*** na binuo ng ***Global Network of Women Peacebuilders*** kapag ang lokalisasyon ang ginagamit na estratehiya. Gamitin ang mga slides sa ibaba:
- Balikan ang mga *entry point* ng *mainstreaming* at tukuyin ang mga pangunahing tao na maaaring sumuporta at tumulong sa mga pagsisikap sa lokalisasyon.
- Bigyang diin na ang mga pagsisikap sa lokalisasyon ay kailangang bumagay at tumugon sa mga lokal na realidad. Ang lokalisasyon ay kinakailangang nakahihimok, tanggap, at inaari mismo ng mga kababaihan upang matiyak ang kanilang pamumuno sa buong proseso.
- Sa puntong ito, ihinto ang talakayan upang tanungin ang mga kalahok kung ano sa tingin nila ang pinakamahusay na pamamaraan ng lokalisasyon sa kani-kanilang konteksto. Ang kanilang mga sagot ay maaaring maging mahalagang pagkukunan ng impormasyon at magbibigay-daan sa isang makabuluhang talakayan. Transisyon pabalik sa talakayan hinggil sa lokalisasyon sa pamamagitan ng mga nasa ibaba:
  - Pinagyayaman ng lokalisasyon ang polisiya at inisyatiba sa pambansang antas. Ang mga pambansang plano ay maaaring mahirap ipatupad at panatilihin kung ang mga komunidad ay walang sapat na pang-unawa, partisipasyon, at pagmamay-ari at kontribusyon sa buong proseso ng pagbubuo, implementasyon, at pagtataya. Ang lahat ng nariyang mapagkukunan sa komunidad pati na ang sa pribadong sektor ay maaaring magamit.

- Ang isa pang pangunahing bahagi ng estratehiyang lokalisasyon (maliban sa kaalamang lokal at pagmamay-ari) ay kontekstuwalisasyon. Nagbibigay ito ng oportunidad sa lokal na pamunuan- kapwa mga lokal na awtoridad at pinuno sa sibikong panlipunan - upang mapaigting pa ang kontekstuwalisasyon ng planong pambansa at pakikipag-ugnayan. Sa mga bansang walang pambansang polisiya sa WPS (i.e. *National Action Plan* o NAP), mga estratehiya o batas, ang lokalisasyon ang nagbigay-daan sa institusyonalisasyon at aplikasyon n*g WPS. Sa Colombia, siyam (9) na pamayanang lokal ang bumuo ng Local Action Plans* pagkatapos ng isang dekada ng mga pagsisikap na isagawa ang lokalisasyon na naging dahilan upang ilunsad ng pambansang pamahalaan ang pagbuo ng NAP. Noong 2022-2023, kinilala ng pambansang pamahalaan ang pamumunong lokal at ang proseso ng lokalisasyon bilang pangunahing dahilan sa kanilang desisyon na bumuo ng NAP. Kasalukuyang nagaganap ang mga konsultasyon tungkol sa NAP.
    - *Kabilang* sa GNWP's Localization of WPS Strategy ang ingklusyon ng mga kababaihan sa mga tradisyonal na konseho sa paglutas ng salungatan upang mapaghusay ang kanilang pagtugon sa karahasang gender-based. Nabibilang dito ang pagbuo ng mga lokal na batas na tumutugon sa natatanging hamon sa kapayapaan na nararanasan ng komunidad gayundin ang mga natatanging pangangailangan ng mga kababaihan sa nasabing komunidad.

**3. Pangkatang Gawain (15 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok sa limang pangkat.
- Ibigay ang sumusunod na mga kasong pag-aaralan ng bawat pangkat:
    - Colombia (Pangkat 1), Nepal (Pangkat 2 ), Philippines (Pangkat 3), Sierra Leone (Pangkat 4), at Uganda (Pangkat 5).
- Sabihan ang bawat pangkat na magtalaga ng isang tagapag-ulat.
- Bigyan ang pangkat ng 15 minuto upang basahin ang kasong pag-aaralan at sagutin ang mga tanong sa ibaba:

**Mga Gabay na Tanong sa Lokalisasyon ng mga Kasong Pag-aaralan**

1. Anong mga estratehiya ang ginamit para sa lokalisasyon ng UNSCR 1325?
2. Paano naapektuhan ng mga estratehiyang ito ang agenda ng lokalisasyon?

**4. Plenaryo (20 minuto)**

- Hilingin sa tagapag-ulat na magbigay ng maikling paglalagom ng kanilang mga

sagot sa tanong. (2 minuto bawat tanong)

- Hikayatin ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga iniisip at obserbasyon pagkatapos ng bawat presentasyon.

**5. Pagtatapos (5 minuto)**

- Sa pagtatapos, bigyang diin na mahalaga sa mga tagapagpatupad ang pagbuo ng mga estratehiyang para sa lokalisasyon ng UNSCR 1325 na nag-uugat sa mga tiyak na pangyayari sa bawat bansang pinag-aralan. Sa gayon, maaari silang magtutulong-tulong sa pagkamit ng hinahangad nilang pagbabago.

## Mga Kasong Pag-aaralan

**Boses mula sa Colombia: Ginamit ng mga katutubong kababaihan ang UNSCR 1325 upang ipagtanggol ang kanilang karapatan at tungkulin sa pagpapalaganap ng kapayapaan.**

"Hindi ko masyadong alam ang mga internasyonal na batas. Kadalasan, nauunawaan natin ang mga batas sa ating bansa, ngunit para sa amin ang batas na aming sinusunod ay ang batas ng aming mga ninuno, ang sarili naming batas. Kaya kapag marami kaming problema sa aming lugar, ang mga reserbasyon, laganap ang karahasan, persekusyon, digmaan, hindi na namin alam kung ano ang aming iisipin. Ang bigat ng mga suliraning nararanasan namin sa mahabang panahon ang lubusang nagpabago sa aming mga katutubo. May mga bagay kaming nakita at napag-alaman na dati ay hindi namin nakikita o alam; halimbawa nito ang brutal na karahasan laban sa amin na hindi lingid sa kaalaman ng aming mga awtoridad at ng nasyonal at internasyonal na antas. Kaya mahalaga sa amin ang pakikipag-usap sa iba't ibang kultura at mga sangay ng pamahalaan. Sa ganitong paraan, natutukoy namin ang mga kabiguan sa aming buhay bilang mga babae. Nagkakaroon kami ng kamalayan tungkol dito at ng realisasyon na marami ring dapat tanungin ng kultura ang kanyang sarili. Ang karapatang pantao ay hindi lamang dapat talakayin. Kailangan itong isabuhay, ipatupad."

"Kaya mahalaga na matutuhan ang ating mga karapatan at higit sa lahat ang ating mga karapatan sa sitwasyon ng salungatan gaya ng sa komunidad na aming kinabibilangan. Kami, bilang mga babae, wala kaming alam tungkol sa Resolusyon 1325. Ngayon ay may kaunti na kaming alam. Unti-unti kaming natututo. Ang pagtagumpayan ang takot… sana dalhin kami nito at ng mga awtoridad sa mas magandang kalalagyan. Mahaba ang daan patungo rito ngunit kailangan naming

itong tahakin.

"Hindi ito madali para sa aming mga babae. Kailangan naming manindigan upang ipagtanggol ang aming kultura, at ang aming karapatan sa aming teritoryo at ng pagkakaroon ng awtonomiya. 'Yan ang dahilan kung bakit tinututulan kami ng pamahalaan kapag nagpapahayag kami tungkol sa aming mga karapatan bilang indibidwal. Ngunit, naniniwala akong magbabago ito. Kailangang ipakita ng pakikipag-usap na ito ang realidad at kung paanong nasira ang balanse. Kailangang tulungan namin ang aming mga sarili sa paggamit ng mga resolusyong ito upang mapanumbalik ang aming balanse."

**-Maria Marquez, Kalahok sa *Indigenous Women's Localization Workshop* mula sa Sierra Nevada de Santa Marta, Cauca Department, Oktubre 2012.**

**Boses mula sa Sierra Leone: Paramount Chief, Matapang na naninindigan para sa karapatan ng mga kababaihan!**

"Sa pagpapatupad ng mga prinsipyo ng mga resolusyon ng WPS, kailangan nating magtrabaho sa paraang naaayon sa ating mga komunidad. Bilang Paramount Chiefs, mahalaga ang bahaging aming ginagampanan sa impormal na sektor sa hustisya- namamagitan at nagpipigil upang maiwasan ang salungatan sa pagitan ng mga indibidwal at mga komunidad. Buong ingat kong tinutugunan ang  mga salungatan upang matiyak na maintindihan ng mga tao ang layunin kong manindigan sa mga karapatan ng kababaihan.

"Ginawa kong polisya sa aking pamumuno na anumang huwad na paratang laban sa mga kakabaihang nagnanais na hiwalayan o idiborsiyo ang kanilang mga asawa ay hindi pinahihintulutan. Ang masasamang lalaki ay karaniwang gumagawa ng mga alegasyong walang katotohanan laban sa kanilang mga asawa; halimbawa nito ay ninakawan siya ng asawa niya ng malaking halaga ng pera upang hindi makaalis ang babae sa kanyang pagkaalipin dahil alam niya na hindi makababayad ang mga kamag-anak ng asawa niya sa kanya. Iyan ay mga pangyayari sa nakaraan. Bukod dito, ang sinumang lalaki na nagdiborsiyo ng kanyang asawa pagkatapos anihin ang kanilang mga pananim sa bukid ay kailangang ibahagi ang ani sa kanyang asawa bilang kabayaran. Isa itong bagong pangyayari sa pamayanan ng Nieni. Tinitingnan ko rin kung ano ang magagawa sa mga isyung pagpoprotekta sa mga babae at ang edukasyon ng mga batang babae. Malaking banta ang maagang pagbubuntis na pumipigil sa mga magulang na pag-aralin ang kanilang mga anak na babae. Upang maiwasan ang suliraning ito, kinausap ko ang aking komite at inirekomenda naming patawan ng multa

ang mga kabataang babaing mahilig magbuntis. Nilinaw rin namin na ang mga magulang na magtatangkang protektahan ang magkakasala para sa kanilang pansariling interes ay maparurusahan. Mukhang epektibo ang hakbang na ito kasi wala pang naiuulat na pangyayari tungkol sa suliraning ito."
"Mula sa aking pagsasaliksik, may apat na aplikante (para sa posisyong bakante) sa Koinadugu, na kailangang bigyan ng pagkakataon dahil hindi naman sila maaaring magsilbi bilang town, section o kaya ay paramount chiefs… Kasalukuyan ko ring isinasaayos ang isang proyekto ng paggawa ng tulay sa aking komunidad bilang tugon sa pakiusap ng mga kababaihan dahil makatutulong ito sa kanilang mapadali ang pagdadala ng kanilang mga produkto sa palengke na makapagbibigay sa kanila ng kapangyarihan sa aspektong pangkabuhayan. Hindi pa tapos ang proyekto ngunit ipagpapatuloy ito sa pagdating ng panahon ng tagtuyot."

"Ako ay masaya sa mga tagumpay ng lokalisasyon ng Resolusyon 1325 at 1820 sa aming NAP sa Sierra Leone."

**-Foday Alimamy Umaro Jalloh III ay ang Paramount Chief ng Nieni chiefdom- isang liblib na pamayanang rural sa Koinadugu District, Northern Region. Dumalo si Jalloh ng workshop sa lokalisasyon sa Makeni noong Hunyo 2012.**

**Boses mula sa Philippines: Ang mga workshops ng lokalisasyon ay nagbibigay ng lakas sa mga babae upang ipaglaban ang kanilang partisipasyon sa mga prosesong pangkapayapaan.**

"Malaki ang naging impluwensiya ng NAP 1325 sa lokalisasyon sa aking pananaw sa maraming bagay lalo na sa bahaging ginagampanan ng kababaihan. Bilang miyembro ng mga katutubo sa hilagang bahagi ng Pilipinas, sa probinsya ng Kalinga, mahirap kung hindi man imposible sa isang babae ang makilahok sa isang negosasyong pangkapayapaan. Ang dominanteng kultura ay nagsasabing may tungkuling sekondarya o pangalawa lamang ang mga kababaihan sa lahat ng bagay lalo na sa paggawa ng desisyon at negosasyon para sa kapayapaan. Kadalasan nakatoka sa mga babae ang mga tungkuling nakikita sa kusina, nagluluto o naghahanda ng pagkain para sa mga tagapagnegosasyon o kundi naman ay bilang mga tagamasid o tagapakinig. Ang aming katutubong mekanismong pangkapayapaan, ang Bodong (peace pact) ay dinodominahan ng mga lalaki. Ang sinaunang mekanismong ay pinangingimbabawan ng mga kalalakihan. Sa katunayan, sa talang 2000 peace pact holder, iisa lamang ang babae.

“Sa serye ng seminar at workshop ng NAP 1325 sa lokalisasyon na aking dinaluhan at isinaayos, nadagdagan ang tiwala ko sa aking sarili. Bagamat may tiwala naman ako sa sarili bago pa ang workshop ng NAP 1325 sa lokalisasyon, may mga pagkakataon na ayaw ko o kinakabahan akong magsalita sa mga pulong sa komunidad na karamihan ay lalaki lalo na kapag itinuturing ang mga ito na pinakamatalino sa aming pamayanan, o mga matatanda. Hindi maganda ang tingin ng mga nakatatanda sa babaeng pinuno, tagapamayapa at tagapagnegosasyon ngunit dahil sa NAP 1325 may lakas ng loob akong ipagpatuloy ang koordinasyon, ang pamumuno, at paghikayat sa mga kababaihan sa aming komunidad na makibahagi sa mga negosasyong pangkapayapaan lalo na ngayong malay ako na may pambansang legal na mandato ang NAP 1325. Sa hamon ng NAP 1325, idinagdag ng aming institusyon ang peace education bilang asignatura sa paaralan kabilang ang UNSCR 1325 bilang isa sa mga pangunahing paksa.

“Bilang pangwakas, higit akong nahimok na ipagpatuloy ang pagbabahagi sa NAP 1325 dahil alam kong may mga kababaihan sa nasyonal at internasyonal na antas na sumusuporta sa inisyatibang ito. Sa pamamagitan ng aking pakikibahagi sa programa ng lokalisasyon at ng pangkalahatang implementasyon ng NAP 1325, natutuhan ko na maaari kong magamit ang ibang mga instrumentong kaugnay ng karapatan ng mga babae tulad ng CEDAW. Mas magkakaroon ng lakas ang mga babae kung gagamitin ang mga instrumentong ito. Magpapatuloy ang karahasan laban sa mga babae kung hindi kikilos ang mga babaeng malalakas.”

”Ako ay masaya sa mga tagumpay ng lokalisasyon ng Resolusyon 1325 at 1820 sa aming NAP sa Sierra Leone.”

**-Therese Grail C. Lawagan, Ph.D., St. Louis College ng Bulanao, Kalinga, Philippines Member of WE ACT 1325 at kalahok ng mga workshop sa lokalisasyon.**

**Boses mula sa Nepal: Ang workshop sa lokalisasyon ay nagbibigay ng karagdagang pag-asa sa mga kababaihan ng Nepal.**

“Ang programa ng lokalisasyon ng Nepal at ng aktibong partisipasyon ng mga katuwang na distrito ay nagbigay ng malalaking pag-asa. Hindi natugunan sa panahon ng pagtatapos ng salungatan ang mga alalahanin ng mga biktimang kababaihan at hindi sila naging bukas sa pagpapahayag ng kanilang saloobin hinggil sa kanilang mga problema. Ang pagbabahagi ng mga karanasan at kaalaman na natutuhan sa programang ToT ay nakatulong sa pagtalakay ng mga alalahanin at hamong kinakaharap ng mga kababaihan sa antas ng VDC at DDC.

Nahikayat din silang ipahayag ang kanilang mga alalahanin batay sa kanilang mga karapatan. Itinuro sa amin ng programa na mahalaga ang kolaborasyon sa pagitan ng mga NGO at gobyerno para sa epektibong implementasyon ng NAP. Nakikipagtulungan kami ngayon sa lokal na pamahalaan sa pagbubuo ng kanilang taunang plano para matiyak na nakapaloob dito ang mga isyu at alalahanin ng mga kababaihan.

"Ang serye ng mga workshop ng 1325 NAP at ToTs na nadaluhan ko pati na rin ang pre testing sa antas ng VDC ay nakatulong upang mapalakas ang aking paninindigan at kapasidad upang palakasin at pakilusin ang mga kababaihan sa komunidad upang isulong ang kanilang karapatan at seguridad. Sa aking nadagdag na kapasidad at kaalaman, naiimbitaha ako ngayon ng mga NGOs bukod sa Saathi para magbigay ng pagsasanay sa lokal na antas. Bago ang workhop sa lokalisasyon at ng ToT, ang tingin ko sa 1325 ay isa lamang UN jargon na walang kinalaman sa aming mga alalahanin. Ngunit ngayon, kahit na matagal ang prosesong ito, kumbinsido ako na ang 1325 at NAP nito ang pinakamahusay na kasangkapan upang matiyak ang partisipasyon, karapatan, at seguridad ng mga kababaihan."

**-Juna Gurung, Kaski District, kalahok ng ToT at workshop sa Lokalisasyon noong Agosto 2012.**

**Boses mula sa Uganda: District Action Plan (DAP) sa UNSCR 1325, nabuo bilang resulta ng lokalisasyon na siyang nagbigay-daan sa mas mataas na alokasyon ng badyet sa gender sa distrito ng Dokolo**

"Ang implementasyon ng Dokolo District Action Plan ng NAP 1325 ay nagresulta sa pa-gtaas ng alokasyon ng badyet sa gender mula 0.03% ng kabuuang badyet ng distrito sa taong 2012-2013 hanggang 7-8% ngayong taong 2013-2014. Bilang karagdagan, lahat ng CSOs na nagtatrabaho sa distrito ng Dokolo ay kailangang magpahayag ng komitment na nilalabanan nila ang karahasang kaugnay sa gender sa pamamagitan ng implemen-tasyon ng estratehiya sa DAP at tulungan ang mga kababaihang makilahok sa pama-mahala at paggawa ng desisyon gamit ang iba't ibang pamamaraan. Halimbawa, ang Youth Social Association, isang CSO na naglalayong mapaghusay ang edukasyon para sa mga babae sa distrito bilang estratehiya ng implementasyon – ay nakatanggap ng mga kopya ng DAP at dahil dito, nakikipagtulungan ang asosasyon ngayon sa mga pulis upang matiyak na walang batang nasa edad na ng pag-aaral ang nasa bahay o nagtatrabaho bilang manggagawa sa mga town council o bilang kasambahay sa mga tahanan.

"Ang DAP ay nagresulta ng kapayapaan sa mga tahanan, mas mahusay na serbisyo sa mga paaralan, at mga health center, mas produktibong bukid, at may perang naiipon ang mga kababaihan. Nagbigay-daan ito sa pagtatatag ng organisasyon para sa pag-iimpok at pagpapautang, ang Savings and Credit Organization (SACCO) na kilala ring BOLICAP, na nag-iimpok ang bawat kalahok ng 15 sentimo ng US o mahigit sa $1 bawat linggo. Maaaring makuha ng mga babae ang kanilang impok o umutang ng maliit na halaga ga-mit ang kanilang impok bilang kolateral pagkatapos magbigay ng impormasyon sa isang proyekto na pinaplano nilang gawin. Ang mga miyembro ay hinihikayat na umutang para simulan ang isang proyektong pagkakakitaan para sa pagbabayad ng mga gastusin sa paaralan, o kaya para matugunan ang isang pangangailangan ng pamilya. Kapag nagsabi ang isang kalahok na ang kanyang asawa ay humihingi ng pera para sa pang-inom nito, hindi ibinibigay ang pondo na inuutang. Kapag minaltrato ang babae ng asawa dahil hindi siya nabigyan ng perang pang-inom, makikialam na ang mga pulis. Dahil kasama ang mga pulis sa pagbuo ng DAP, may kaalaman na sila at tumutulong sila sa pagtugon sa karahasang seksuwal at may kinalaman sa gender.

"(Nang maipatupad ang DAP) nagkaroon ng dayalogo ang distrito tungkol sa mga isyung nakaaapekto sa mga kababaihan at humanap ng mga solusyon sa mga miyembro ng komunidad. Ginanap ang dayalogo sa Town Council Hall (level III) kung saan nagkaroon ng ilang paglabag na may kaugnayan sa gender. Nagkasundo ang distrito na magkaroon ng taunang pagpupulong bago ang International Women's Day (March 8). Pamumunuan ang pulong na ito ng iba't ibang sub-county bawat taon. Isasagawa ang taunang dayalogo upang humanap ng mga solusyon sa mga isyung nakaaapekto sa mga kababaihan, mga bata, at mga kasapi ng komunidad; bumuo ng mga estratehiya na napagkasunduan ng komunidad kasama ng lahat ng stakeholder; at tiyakin na nagbibigay impormasyon ang perspektibang pang-gender sa susunod na plano ng pagpapaulanad ng distrito at mga badyet."

**-Rebecca Mwima, kalahok ng lokalisasyon workshop sa Dokolo, technical officer na naatasan ng Distrito na pamunuan ang District Action Plan Task Force.**

## Sesyon 2 Pagtukoy ng mga Pamamaraan sa Pagpapatupad ng Agenda ng Women, Peace and Security

**Layunin**

a. Matukoy ang mga potensiyal na mga entry point at ang paraan ng implementasyon ng agenda ng Women, Peace and Security (WPS) habang bumubuo ng mga senaryo para sa bawat pamamaraan

b. Mapagkasunduan ang mga pangunahing pamamaraan na gagamitin ng mga kalahok sa kani-kanilang bansa

**Metodolohiya**

Lektura/Presentasyon

Pangkatang Palihan *(workshop)*

**Oras**

1 oras at 30 minuto

### Kagamitan

- Laptop
- Projector
- Markers/pen
- Easel paper
- Metacards
- Mga Gabay na Tanong
- Mga Nagawa sa Modyul 1, Sesyon 1 (Pag-unawa sa mga Isyu sa Gender, Salungatan, at Seguridad) at Modyul 2, Sesyon 6 (Paglalarawan sa Women, Peace and Security)

### Mahahalagang Punto

1. Ang mga estratehiya sa lokalisasyon ay dapat maging sensitibo sa mga natatanging realidad ng mga kababaihan sa komunidad na kanilang kinabibilangan.
2. Ang lokalisasyon ay maaaring isagawa sa bawat komunidad. Ito ay epektibong maiaangkop sa natatanging konsteksto at pangangailangan ng iba't ibang rehiyon.
3. Mahalagang magamit nang husto ang mga mapagkukunan, pantao man o materyal, upang epektibong mabigyan ng suporta ang mga pagsisikap sa lokalisasyon.

**Pamamaraan at Nilalaman**

1. **Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Batiin ang mga kalahok sa pagsasanay.
- Ibahagi ang mga layunin sa sesyong ito.

2. **Pangkatang Gawain (35 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok ayon sa kanilang mga bansa.
- Papiliin ang bawat grupo ng isang kalahok na magsisilbing tagapag-ulat sa plenaryo.
- Ibigay sa mga kalahok ang natapos na mga gawain (output) sa mga nakaraang sesyon partikular ang mga gawain **sa Modyul 1, Sesyon 1 at Modyul 2, Sesyon 6.**
- Papiliin ang bawat grupo ng **1-2 pangunahing isyu na kinakaharap ng mga kababaihan sa kanilang komunidad** (iyong mga natukoy sa nakaraang mga sesyon) at bumuo ng isang planong lokalisasyon na may tiyak na aksiyong isasagawa at mga estratehiyang gagamitin sa pagtugon sa mga isyu. Ipagamit sa kanila ang mga tanong sa ibaba bilang gabay sa pagbuo ng plano:

| Mga Isyung Natukoy | Anong aksiyon ang kakailanganin? | Sino ang responsable sa aksiyong ito? | Ano-ano ang mga kailangan para maipatupad ito? |
|---|---|---|---|
| | | | |

- Papiliin ang bawat grupo ng 1-2 isyung pangkapayapaan at seguridad na nakaaapekto sa komunidad (iyong mga natukoy sa mga nakaraang sesyon) at tumukoy ng mga kongkretong aksiyong isasagawa at mga estratehiyang gagamitin na **may pokus sa mga kababaihan bilang pangunahing ahente sa pagtugon sa mga isyung ito**. Parehong mga gabay na tanong ang gagamitin nila sa bahaging ito ng pagsasagawa ng planong lokalisasyon:

| Mga Isyung Natukoy | Anong aksiyon ang kakailanganin? | Sino ang responsable sa aksiyong ito? | Ano-ano ang mga kailangan para maipatupad ito? |
|---|---|---|---|
| | | | |

- Bigyan ng 35 minuto ang bawat grupo para tapusin ang gawaing ito.

**3. Plenaryo (30 minuto)**

- Bigyan ang bawat tagapag-ulat ng 5 minuto upang ilahad ang kanilang nabuong plano.
- Bigyan ng panahon ang mga kalahok na magtanong at magbahagi ng kanilang kaisipan pagkatapos ng bawat presentasyon.
- Magbahagi sa talakayan sa pamamagitan ng pagbibigay-diin at pagtatampok sa mga aksiyong isasagawa; pagtatanong tungkol sa guguguling panahon sa pagsasagawa at ang kinakailangang panahon upang maisagawa ang nasabing mga aksiyon. Ang pamamaraang ito ng pagtatanong ay magtutulak sa mga kalahok na unahin ang mas mahahalagang gagawin, tukuyin ang maliliit na tagumpay, at mga aksiyong kinakailangan ng mas mahabang panahon para maisagawa.
    - Paalala sa Facilitator:
        - Sa plenaryong ito, tiyaking mabibigyang pansin ang mga pangunahing punto na tinukoy ng mga kalahok. Ang talakayang ito ay nagbibigay ng mga oportunidad upang balikan ang mga entry point sa mainstreaming gaya ng mga tao, polisiya, mekanismo, at programa na maaaring magamit nang epektibo.

**4. Pagtatapos (5 minuto)**

- Bilang pagtatapos, bigyang diin na ang proseso ng pagbuo ng mga lokal na plano ay kailangang nanggagaling sa isang malinaw na pang-unawa ng mga isyung nakaaapekto sa mga kababaihan at ng kapasidad ng komunidad na magtalaga ng mga likas-kayang pagtugon.

**5. Sintesis at Pagbibigay ng *feedback* sa Modyul (15 minuto)**

- I-project sa screen ang listahan ng mga sesyon sa modyul na ito at magbigay ng paglalagom o buod ng mga pangunahing punto na natalakay sa bawat sesyon.
- Hikayatin ang mga kalahok na magbigay din ng kanilang *feedback* sa bawat sesyon sa pamamagitan ng pagsusulat ng kanilang mga sagot sa *metacards*. Tukuyin nila ang mga aspektong nakatulong sa kanila gayundin ang mga bagay na hindi nakatulong. Ipasulat din ang kanilang mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng modyul, kung mayroon man.
- Kolektahin ang metacards na may *feedback* ng mga kalahok.
    - Paalala sa Facilitator

- Maaaring mapahaba o mapaiksi ang sesyong ito depende sa oras na mayroon pa.
- Maaaring gumamit ng evaluation forms sa halip na metacards.

**Mga gabay na tanong sa planong lokalisasyon**

| Mga Isyung Natukoy | Anong aksiyon ang kinakailangang isagawa? | Sino ang responsable sa aksiyong ito? | Ano-ano ang mga kailangan para isagawa ito? |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

# Modyul 4
## Pagmo-monitor ng Implementasyon ng Agenda ng Women, Peace and Security

Layunin ng modyul na ito na tulungan ang mga civil society organizations (CSOs) na maunawaan ang mahahalagang elemento ng pagmo-monitor at ebalwasyon sa pagpapatupad ng kanilang National Action Plans on Women, Peace and Security (NAP WPS). Mahalagang makilala na ang bawat bansa ay may sariling paraan ng pagmo-monitor at ebalwasyon ng mga plano at programa, partikular ang NAP WPS. Kung kaya ang modyul na ito ay maaaring idisenyo upang maipakilala ang mga pambansa at panlokal na alituntunin, mekanismo, at proseso sa pagsasagawa ng pagmo-monitor at ebalwasyon.

Sa ilang pagkakataon, ang mga CSOs ay nabigyan ng espasyo upang makabuo, matasa, at mataya ang NAP WPS. Ngunit, sa ibang mga kaso, ang mga CSOs ay gumagawa ng sarili nilang mga "shadow report". Kung ang responsibilidad ng pagmo-monitor at ebalwasyon ay nakaatang sa gobyerno, ang mga CSOs ay may mahalagang tungkulin sa pagtitiyak na ang mga interbensiyon ng WPS ay epektibong naipatutupad sa antas panlokal at pangkomunidad, at may positibong epekto sa buhay ng mga kababaihan na nasa sitwasyon ng salungatan, pagkatapos ng salungatan, at sa mga lugar na may tensyon.

Ang mga sesyon sa modyul na ito ay naglalayong maging pamilyar ang mga kalahok sa mga konsepto at elemento ng pagmo-monitor at ebalwasyon ng mga CSOs na magiging mahalaga sa kanilang pakikilahok sa pagtatasa at pagtataya ng NAP WPS o sa paghahanda ng kanilang mga "shadow report."

Ang modyul na ito ay naglalaman ng:

| Sesyon | Pamagat | Oras |
|---|---|---|
| 1 | Pagpapakilala sa Konsepto ng Pagmo-monitor at Ebalwasyon para sa National Action Plan on Women, Peace and Security | 45 minuto |
| 2 | Pagrebisa sa National Action Plan on Women, Peace and Security sa Pamamagitan ng mga Elemento ng Pagmo-monitor | 1 oras, 15 minuto |

- Paalala sa Facilitator:
  - Sa panahon ng pilot testing ng modyul na ito, ang mga kalahok mula sa mga bansa ay may iba't ibang antas ng progreso patungkol sa kanilang NAP WPS. Ang ibang mga kalahok ay nanggaling sa mga bansa na hindi pa nakabubuo ng kanilang NAP WPS samantalang ang iba ay nakapagpatupad na ng kanilang mga lokalisadong planong aksiyon sa WPS. Sa mga sesyon at pagsasanay, hikayatin ang mga kalahok na gamitin ang kanilang umiiral na pambansa o panlokal na plano bilang mga sanggunian.

## Sesyon 1 Pagpapakilala sa Konsepto ng Pagmo-monitor at Ebalwasyon para sa National Action Plan on Women, Peace and Security

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Maipakilala ang mahahalagang konsepto ng pagmo-monitor at ebalwasyon na maaaring magamit sa National Action Plan on Women, Peace and Security (NAP WPS) |
| **Metodolohiya** | Lektura |
| **Oras** | 1 oras at 30 minuto |

**Kagamitan**

- Laptop
- Projector

**Mahahalagang Punto**

1. Ang epektibong pagmo-monitor at ebalwasyon ng NAP WPS ay nangangailangan ng maagang integrasyon nito sa proseso ng pagpaplano. Kung kaya, kailangang nakalagay sa plano ang kinakailangang mga resulta, palatandaan, at target na kailangang matamo upang maisagawa ang planong pagmo-monitor at ebalwasyon sa hinaharap.
2. Ang pagmo-monitor ay sumasaklaw ng maraming bahagi na may layunin ang bawat isa. Kaya mahalagang bigyang prayoridad ang progreso na nagbibigay-daan sa mga pagbabago sa buhay ng mga babae at kabataang babae sa komunidad na may salungatan o natapos nang salungatan, at mga pagbabago sa sitwasyong pangkapayapaan at salungatan, kung saan gumaganap ang mga kababaihan sa mahalagang tungkulin ng pagiging mga ahente ng transpormasyon.
3. Ang pag-momonitor at ebalwasyon ay may malapit na pagkakaugnay sa

pagkatuto. Kaya nagsisilbing daan ang mga ito upang mapaghusay ang mga plano at programa para sa mga kababaihan (bata man o matanda) sa mga komunidad na apektado ng salungatan at pagkatapos ng salungatan, at mapagbuti rin ang sitwasyon ng kapayapaan sa ganitong mga komunidad.

4. Ang pagmo-monitor at ebalwasyon ay nagsusulong ng pananagutan hindi lamang sa pambansa at panlokal na mekanismo sa *Women, Peace and Security* kung hindi maging sa mga organisasyong internasyonal. Ang pakikipag-ugnayan sa pansibikong lipunan sa pagmo-monitor at ebalwasyon ay sumusuporta sa kolaborasyon at nagbibigay kaalaman sa mga inisyatiba ng pagpaplano at pagbuo ng programa sa hinaharap.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Batiin ang mga kalahok.
- Ibahagi ang mga layunin ng sesyong ito.
- Paalalahanan ang mga kalahok ng ilang mga isyung tinalakay at mga aksiyon na kanilang isinama sa kanilang plano para sa lokalisasyon sa mga nagdaang sesyon partikular ang **Modyul 3 (Pagpapakilala sa *Agenda ng Women, Peace and Security*)** at **Modyul 4 (Lokalisasyon ng *Women, Peace and Security Resolutions Strategy*).**
- Ipaliwanag ang mga sumusunod:
  - Mahalagang mabuo ang isang matibay na koneksyon sa pagitan ng pagtatakda ng agenda at pagbuo ng mga plano kasama ang pagmo-monitor at ebalwasyon, dahil may mahalagang epekto ito sa sitwasyon ng kapayapaan at sa buhay ng mga kababaihan (bata man o matanda) sa komunidad na may salungatan, sa lugar na tapos na ang salungatan at sa mga komunidad na may tensyon. Ang resulta ng pagmo-monitor at ebalwasyon ay nagbibigay ng mga oportunidad ng pagkatuto sa mga tagapagplano at tagapagpatupad upang mapaghusay ang kanilang ginagawang plano at mga programa at makakuha ng magagandang praktis para sa replikasyon at gawing institusyonal.

**2. Lektura (40 minuto)**

- Ipakilala ang konsepto ng pagmo-monitor at ebalwasyon sa konteksto ng Women, Peace and Security:
  - Ang **pagmo-monitor** ay tumutukoy sa sistematiko at regular na koleksiyon at pagsusuri ng datos na may kinalaman sa progreso ng pagpapatupad ng NAP WPS, dahil may malaking kontribusyon ito sa mga inaasahang resulta;

- 70
- halimbawa, ang apat na haligi ng Women, Peace and Security: partisipasyon,
- pagpigil, proteksyon, pagbibigay tulong (relief), at pagbangon.
- Ang **ebalwasyon** ay tumutukoy sa pagtataya ng mga resulta at mga nagawang iba't ibang interbensiyon ng Women, Peace and Security vis-*à-vis* sa epekto nito sa pamumuhay ng mga kababaihan sa konteksto ng mga salungatan, pagkatapos ng salungatan, at mga lugar na may tensyon patungo sa mas malaking konteksto ng pagtataguyod o pagpapanatili ng kapayapaan.

- Ipakilala ang *Results-Based Management* (United Nations Development Group, 2011) bilang estratehiya ng pamamahala ng mga resulta:
  - Ang *Results-Based Management* (RBM) ay isang estratehiya ng pamamahala na nakapagbibigay ang lahat ng aktor ng tuwiran o di-tuwirang ambag sa pagkamit ng resulta, natitiyak na ang lahat ng proseso, produkto, at serbisyo ay nakahanay sa pagkamit ng mga resulta. Ang mga impormasyon at ebidensiya ng mga aktwal na resulta ay ginagamit upang mabago ang mga plano, programa, at mga gawain gayundin ang para sa layunin ng pag-uulat at pananagutan.
  - Sa paggamit ng estratehiyang RBM sa kabuuan ng pagpaplano ng NAP WPS, aktibo nating isasanib ang mga resulta ng pagmo-monitor at ebalwasyon sa simula ng pagbubuo ng mga plano. Ang *intentional approach na ito ang gabay ng mga tagapagplano at tagapagpatupad sa kanilang p*agkakamit

FIGURE 1: The RBM life-cycle approach




Source: UNDP, Handbook on Planning, Monitoring and Evaluating for Development Results, 2009.


ng mga positibong resulta , partikular sa buhay ng mga kababaihan sa mga komunidad na may salungatan at may namumuong tensyon.

- Inilalagay sa gitna ng *RBM life-cycle approach* ang partisipasyon ng mga stakeholder, na nagbibibigay-pansin sa aktibong pakikilahok ng mga kababaihan at iba pang sektor na nasa laylayan ng lipunan na apektado ng salungatan at inseguridad sa buong siklo upang matiyak na ang pananaw na ang kanilang mga boses, pangangailangan, at Karapatan ay nakalapat sa bisyon, gayundin sa mga plano at interbensiyon.

- Balikan at pag-aralan ang mga tatlong prinsipyo ng RBM:
  - Ang RBM ay may tatlong prinsipyo: pananagutan (accountability), pambansang pagmamay-ari (national ownership), at pagiging ingklusibo (inclusiveness). Ang mga ito ay magkakaugnay at hindi maaaring ipatupad nang magkakahiwalay gaya ng mga silos. (Accountability):
    - **Pananagutan** (Accountability): ang mga kinauukulang pangkat ay sama-samang nagtatrabaho patungo sa pagkakamit ng parehong mga resulta. Ang gobyerno ang may pangunahing responsibilidad na may maihain sa NAP WPS. Ang mga pansibikong organisasyon sa lipunan ay mahalaga upang tiyakin na pananagutan ng gobyerno ang kanilang mga komitment. Dagdag pa rito, ang NAP WPS ay nakaangkla sa ibang mga internasyonal at nasyonal na mandato (na tinalakay sa Modyul 2 at 3) na nag-uudyok sa mga pamahalaan na iulat ang kanilang mga pagsunod sa mga mandatong ito.
    - **Pambansang Pagmamay-ari** (National ownership): Ang NAP WPS ay binuo sa pambansang antas na dapat ay sumusunod sa *bottom up approach* na nagbibigay konsiderasyon sa mga perspektiba ng mga lugar na may salungatan, natapos na ang salungatan, at ng may namumuong tensyon habang inihahanay ito sa mga pambansang prayoridad. Kinakailangan na ang mga resulta ng implementasyon at mga natutuhan ay nararapat na sama-samang ariin ng mga kasangkot na *stakeholders*.
    - **Pagiging Ingklusibo** (Inclusiveness): Ang partisipasyon ng mga *stakeholder,* na nauna nang nabanggit, ay nasa puso ng *RBM approach.* Kaya mahalaga na isali ang mga kababaihan at ang mga nasa laylayan ng lipunan sa buong siklo ng pagpaplano ng NAP WPS.
  - Ang partisipasyon ng mga stakeholder ay karaniwang tinitingnan na nangangailangan ng mapagkukunan (resources) lalo na sa oras, mga tao at pondo. Ngunit, ang pamumuhunan sa partisipasyon ng mga kababaihan sa


kabuuan ng proseso ng RBM ay tumitiyak ng pagiging ingklusibo ng mga proseso at ng pagkakaroon ng karagdagang suporta sa mga pagsisikap at resulta para sa Women, Peace and Security. Dahil ang mga pansibikong organisasyon ay maalam sa paggamit ng mga pamamaraang ingklusibo at participatory sa pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder, malaking tulong sa mga gobyerno ang makipagtrabaho sa kanila sa pagbuo ng mga proseso ng pagpaplano ng NAP WPS.

- Pag-aralan ang pagkakaiba ng mga uri/kategorya ng mga **resulta**:
  - Isa sa mga mahalagang termino ng RBM ay mga **resulta**, na maaaring maikategorya sa mga sumusunod:
    - ***Impact*** o ang pangmatagalang resulta, kumakatawan sa mga panlipunang adhikain na nananatili kahit tapos na ang panahon ng implementasyon ng plano o programa gaya ng pagtatapos ng termino ng isang administrasyon. Ang mga pagbabago sa buhay ng mga kababaihan ay maaaring makamit o hindi sa loob ng itinakdang panahong sakop ng NAP WPS.
    - ***Outcomes*** ay tumutukoy sa mga resulta na nilalayong makamit ayon sa plano sa itinakdang panahong nabanggit. Sa kaso ng NAP WPS, ang mga outcome ay nakapokus sa pagtutulungan at kontribusyon ng iba't ibang mga aktor at ng kanilang mga nagawa sa pagsusulong ng apat na haligi ng agenda ng Women, Peace and Security– partisipasyon, pagpigil, proteksyon, pagbibigay tulong (relief), at pagbangon – sa loob ng itinakdang panahon..
    - ***Outputs*** ay ang mga resulta na galing sa mga gawain o interbensiyon na ipinatupad ng iba't ibang mga aktor bilang suporta sa apat na haligi ng WPS agenda sa loob ng itinakdang panahon.




*Pigura 1. Eskematikong paglalarawan ng Theory of Change*

- Ipaliwanag ang ***results chain:***
  - Ang isa pang mahalagang termino sa RBM ay ang *results chain.* Ang *results chain* ay ang pagkakasunod-sunod ng mga sanhi upang makamit ang minimithing resulta- mag-uumpisa sa *inputs,* papunta sa mga gawain *(activities)*, at mga nagawa *(outputs)* at patungo sa mga resulta *(outcomes)* at ang epekto *(impact).*




- Halimbawa ng kung paano nasusukat ang resulta:
  - Ang isang bahagi ng RBM ay *performance measurement.* Ang mga resulta ay kailangang masukat, at ang mga mekanismo ng panukat ay kailangang nasa plano, ito ay namomonitor at natataya.
  - *Indicator* (Palatandaan): Ang indicator ay isang instrumento o kasangkapan na ginagamit upang masukat ang mga nagawa at mga epekto nito. Maaaring sa dami (quantitative) o husay (qualitative) ng paraan sa pagmo-monitor ng progreso sa pagkakamit ng mga resulta na naipahayag sa NAP WPS.
    - ***Quantitative indicators*** ay maaaring nasa anyo ng bilang, tumbasan o bahagdan. Halimbawa: "Ang bilang ng mga kalahok sa *Training of Trainors workshop*" ay isang *quantitative indicator.* Ito ay maaaring makuha sa mga pambansa at panlokal na sarbey, talatanungan at talaan ng mga dumalo.
    - ***Qualitative indicators*** ay naipahahayag sa pamamagitan ng perspektiba o pananaw, opinyon, o antas ng kasiyahan. Halimbawa: "Ang saloobin sa pakikilahok ng mga babae sa mga dayalogong pangkapayapaan" ay isang *qualitative indicator.* Ang mga saloobing ito ay maaaring makuha sa mga *focus group discussions (FGDs),* pampublikong pagdinig, testimonya, at obserbasyon ng mga kalahok.
    - ***Baseline (Hangganan):*** Kumakatawan ito sa estado ng isang *indicator*

na ang plano ay sinimulang ipatupad at nagsisilbing sanggunian upang mataya o masukat ang progreso o mga tagumpay ng plano.

- ***Target:*** Kumakatawan ito sa minimithing antas ng tagumpay para sa isang *indicator* sa panahong itinakda para ito ay makamit.
- Ang mga *indicator* (palatandaan) ay kinakailangang **SMART:**
  - ***S****pecific* (Tiyak)
  - ***M****easurable* (Nasusukat)
  - ***A****ctionable* (Maaksiyunan)
  - ***R****ealistic* (Realistiko)
  - ***T****ime-bound* (Maisasagawa sa Itinakdang Panahon)

- Bigyang diin ang mga sumusunod:
  - Sa ilang mga kaso, ang mga epekto at resulta lamang ang naisasama sa NAP WPS, kasama ng angkop na mga palatandaan (indicators). Karaniwang hindi naisasama sa NAP WPS ang hangganan (baseline) at mga target, at karaniwang nasasalamin ang mga nagawa (outputs) sa mga plano ng indibidwal na ahensya ng pamahalaan o ng lokal na pamahalaan bilang kanilang kontribusyon sa pagpapatupad ng NAP WPS.
  - Mahalagang isaisip ang RBM kapag isinasaalang-alang ang iyong NAP WPS (o anumang kasalukuyang plano para sa kababaihan), at suriin kapag may nawawalang mga elemento sa plano gaya ng *indicators, baselines* at *targets.*

- Simulan sa puntong ito ang talakayan ng *results matrix.* I-project sa screen ang *matrix* sa ibaba.
  - Ang isa pang terminong RBM ay ang results matrix. Binabalangkas ng talaan ng mga resulta (results matrix) ang mga parehong resulta ng mga nagawa (output) at mga kinalabasan (outcome) kasama ng mga kaugnay na mga palatandaan (indicators), hangganan (baselines), mga target (targets), at mga paraan ng pagpapatunay (means of verification).
  - Ang paglalapat ng mga panganib (risks) at mga pagpapalagay (assumptions) ay mahalaga rin dahil sa impormasyong kaakibat nito sa pagkakamit ng resulta.
    - ***Assumptions*** (Pagpapalagay) ay mga salik na kailangang nasa plano upang makamit ang mga resulta. Ang mga salik na ito ay maaaring internal o eksternal sa plano o sa institusyon. Dapat itong nakasaad sa positibong tono. Nararapat na ang mga *assumptions* o pagpapalagay ay nakalatag na bago pa man ang pormulasyon ng mga palatandaan dahil

sa impluwensiya nito sa *results chain.* Halimbawa "Ang pagsuporta ng sektor panseguridad sa *agenda* ng Women, Peace and Security" ay isang mahalagang pagpapalagay upang makamit ang target na bilang ng mga palatandaan gaya ng "Bilang ng mga institusyon sa sektor panseguridad na bumubuo ng kanilang mga institusyonal na interbensiyon sa Women, Peace and Security."

- ***Risks*** (Panganib) ay kinabibilangan ng mga pangyayari sa hinaharap, buo o bahagya man, at wala sa ating kontrol na maaaring makaapekto nang negatibo sa pagkakamit ng mga resulta. Kabilang sa panganib ang mga banta na may potensyal na hadlangan ang mga resulta at mga oportunidad na maaaring makapagbigay-daan sa pagkakamit ng ninanais na resulta. Ang mga panganib na ito ay maaaring estratehiko, pangkapaligiran, pinansyal, operasyonal, organisasyonal, politikal, at regulatoryo. "Ang pagbabago sa pamunuan ng sektor panseguridad" ay isang panganib na maaaring magbigay-daan sa mga pagbabago sa suporta sa agenda ng Women, Peace and Security.

| **Talaan ng mga Resulta (Matrix of Results)** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Palatandaan ng Pagganap** (Performance indicator) | **Hangganan** (Baseline) | **Target** | **Paraan ng Pagpapatunay** (Means of Verification) | **Mga Panganib at Pagpapalagay** (Risks and Assumptions) |
| Kinalabasan 1: | Kuwantitatibo o kuwalitatibong panukat sa kinalabasan o nagawa | Tinipong mga impormasyon sa simula ng proyekto o programa | Halaga na dapat maabot ng palatandaan sa pagtatapos ng proyekto o programa | | Pagpapalagay: mga bagay o salik na naayon para makamit ang resulta |

| Talaan ng mga Resulta (Matrix of Results) | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Palatandaan ng Pagganap (Performance indicator) | Hangganan (Baseline) | Target | Paraan ng Pagpapatunay (Means of Verification) | Mga Panganib at Pagpapalagay (Risks and Assumptions) |
| | Kuwantitatibo: bilang, tumbasan, bahagdan | | | Mga sarbey o talatanungan | Panganib: maaaring mangyari sa hinaharap na buo o bahagya man, at wala sa ating kontrol na maaaring makaapekto nang negatibo sa pagkakamit ng mga resulta |
| | Kuwalitatibo: pananaw, opinyon, o antas ng kasiyahan | | | FGDs, pampublikong pagdinig, mga testimonya, obserbasyon ng mga kalahok | |

- Suriin ang mga sumusunod na obserbasyon at pagkakaiba sa pagitan ng proseso ng pagmo-monitor at ebalwasyon:
  - Mahalagang matukoy na sa proseso ng pagmo-monitor, nakagawian na ng mga tagapagpatupad na unahin ang pag-uulat ng mga gawain at ang pagkompleto ng mga output. Ngunit, mahalagang malipat ang pokus sa pag-unawa kung paano ang mga pagsisikap na ito ay nakapag-aambag sa pagkakamit ng mga resulta lalo na sa apat na haligi ng WPS at, kalaunan ang kanilang epekto sa pamumuhay ng mga kababaihan (bata man o matanda) sa lugar na may salungatan, pagkatapos ng salungatan, at may mga tensyon. Mahalaga ring bigyang diin ng mga CSOs ang mga pagbabago sa pamumuhay ng mga kababaihan sa panahon ng pag-uulat pagmo-monitor, at ebalwasyon ng NAP WPS o anupamang interbensiyong WPS na nakapaloob sa mga planong pambansa.

- ***Evaluation*** (Ebalwasyon), sa kabilang banda, karaniwang isinasagawa sa takdang oras (karaniwang kasabay ng pagtatapos ng termino ng isang administrasyon) laban sa mga resultang nakabalangkas sa plano. Ipinatutupad ito sa isang sistematikong paraan na walang kinikilingan. Karaniwang sumusunod ang mga ebalwasyon sa pamantayan ng *Organization for Economic Cooperation and Development (OECD):*
    - ***Relevance*** **(Kaugnayan):** Ang mga interbensiyon ba ay naaayon sa mga angkop na layunin? Nagagawa ba ng mga interbensiyon kung ano ang tama sa mga lugar na may salungatan at pagkatapos ng salungatan?
    - ***Coherence*** **(Pagkakaugnay-ugnay):** Gaano kahusay ang pag-aangkop ng mga interbensiyon? Gaano kahusay ang pag-aangkop ng mga interbensiyon sa konteksto ng salungatan?
    - ***Effectiveness*** **(Pagiging Epektibo):** Nakakamit ba ng mga interbensiyon ang kanilang mga layunin? Nakakamit ba ng mga interbensiyon ang mga resulta ng Women, Peace and Security?
    - ***Efficiency*** **(Kahusayan):** Gaano kahusay ang paggamit ng mga mapagkukunan (resources)?
    - ***Impact*** **(Epekto):** Anong pagbabago ang nagagawa ng mga interbensiyon? Anong pagbabago ang nagagawa ng mga interbensiyon sa buhay ng mga kababaihan sa mga lugar na may salungatan at pagkatapos ng salungatan? Sa sitwasyon ng kapayapaan at seguridad sa komunidad?
    - ***Sustainability*** **(Pagpapanatili):** Natitiyak ba ang pangmatagalang epekto ng mga benepisyo? Ang mga benepisyo bang ito ay makatatagal sa mga komunidad na may tensyon tulad ng mga apektado ng salungatan at mga banta ng seguridad?

- Ipakilala ang mga balangkas ng pagmo-monitor at ebalwasyon, mga alituntunin, mga *forms* at *template* ng NAP WPS na ginagamit ng iba't ibang bansa:
    - Sa ilang mga bansa, ang NAP WPS ay nakalapat sa mas malawak at estratehikong pambansang mga plano, na may kasamang mekanismo ng pagmo-monitor at ebalwasyon. Maaaring makatulong ang kontekstuwalisasyon ng NAP WPS sa tungkulin nitong suportahan ang mga mas komprehensibong pambansang plano at kung paanong ang mga prosesong pagmo-monitor at ebalwasyon ay isinasagawa para sa mga estratehikong mga plano.
    - Halimbawa, ang isang *Gender Action Plan* para sa mga alagad ng batas ang binuo sa Cambodia sa tulong ng *Cambodia Ministry of Interior,* ang *Ministry of Justice,* at iba pang mga *stakeholder.* Ipinatupad ng Myanmar ang *National*

*Strategic Plan for the Advancement of Women* (2013-2022), habang inangkop ng Viet Nam ang *National Strategy on Gender Equality* noong 2021, na mula 2021 hanggang 2030, na may kontribusyon sa pagtugon sa mga haligi ng WPS.

- Ilipat ang talakayan sa ***reporting*** (pag-uulat):
  - Ang ***reporting*** sa NAP WPS ay regular na ginagawa kadalasan ay kada taon at sumasaklaw sa isang tiyak na panahunan (kagaya ng isang termino ng isang administrasyon) . Ang taunang ulat ay hindi dapat tingnan bilang isang hiwalay na ulat kundi mahahalagang bahagi na may ambag sa progreso ng WPS sa saklaw na panahon. Mahalaga rin ang mga report na ito na dapat magsilbing kasangkapan sa pagpapahusay ng pagpapatupad ng interbensiyon ng Women, Peace and Security sa pamamagitan ng pagtugon sa mga hamon at isyu ng kababaihan sa mga lugar na may salungatan, at natapos na salungatan, at sa pagpapalaganap ng kapayapaan.
- Bigyang diin na mahalagang maunawaan kung sino ang responsable sa pagpapatupad ng NAP WPS:
  - Mahalagang maunawaan kung sino ang mga institusyon o organisasyon ang responsable sa pagpapatupad, pagmo-monitor, at ebalwasyon ng NAP WPS.
  - Ang mga ulat tungkol sa pagpapatupad ng NAP WPS ay maaaring isumite sa pambansang komite ng inter-agency sa Women, Peace and Security, ang Pangulo ng Lehislatura, gayundin sa mga internasyonal na organisasyon gaya ng Komite ng CEDAW, Human Rights Council, at UN Security Council.
  - Mahalaga ring mamonitor kung paano hinahati-hati at ginagastos ang badyet para sa NAP WPS upang malaman at matiyak ang pananagutan.
- Sa puntong ito, tanungin ang mga kalahok kung pamilyar sila sa mga institusyon na responsable sa paghahanda ng report o ulat tungkol sa pagpapatupad ng NAP WPS.
- Ituloy ang talakayan at isama ang *ASEAN Regional Action Plan on Women, Peace and Security*[4] *(RAP WPS):*
  - Kailangang isaalang-alang sa pagmo-monitor at ebalwasyon ng NAP WPS ang *ASEAN Regional Action Plan on Women, Peace and Security*[5] *(RAP WPS).*

4 ASEAN Regional Plan of Action on Women, Peace and Security. (2022). ASEAN. Available at: https://wps.asean.org/resources/asean-rpa-wps/.

5 ASEAN Regional Plan of Action on Women, Peace and Security. (2022). ASEAN. Available at: https://wps.asean.org/resources/asean-rpa-wps/.

- Kailangang isaalang-alang ng mga pambansang ulat kung paano ito nakakapag-ambag sa pagpapatupad ng RAP WPS. Bagamat ang pagmo-monitor at ebalwasyon ng RAP WPS ay binubuo pa lang.

**3. Pagtatapos (5 minuto)**

- Upang lagumin ang sesyong ito, tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang karanasan sa pagmo-monitor, pagtataya, at ebalwasyon ng NAP WPS o ng anumang plano para sa kababaihan o *gender equality.* Maaaring magbahagi sila ng kanilang mga saloobin, karanasan, at natutuhan sa mga prosesong ito.

## Sesyon 2 Pagrebisa sa National Action Plan on Women, Peace and Security sa Pamamagitan ng mga Elemento ng Pagmo-monitor

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Mataya ang pagsunod sa National Action Plan on Women, Peace and Security (NAP WPS) at Regional Plan of Action on Women, Peace and Security (RPA WPS) sa mga elemento ng pagmo-monitor. |
| **Metodolohiya** | Pangkatang palihan (workshop) |
| **Oras** | 1 oras at 15 minuto |

**Kagamitan**

- Markers/pen
- Easel paper
- WPS Monitoring Checklist
- National Action Plan on Women, Peace and Security (NAP WPS) o iba pang pambansang plano sa kababaihan/ gender equality, at pagbibigay lakas o kapangyarihan sa mga kababaihan
- ASEAN Regional Plan of Action on Women, Peace and Security (RPA WPS)
- Bigyang diing muli ang kahalagahan ng pagmo-monitor at ebalwasyon pagdating sa mga kasalukuyang plano ng NAP WPS gayundin ang anumang bagong plano o inisyatiba ng WPS.

**Mahahalagang Punto**

1. Kailangang isama sa NAP WPS ang mahahalagang elemento para sa pagmo-monitor at ebalwasyon para sa hinaharap. Kabilang sa mga elementong ito ay ang mga pahayag ng resulta (result statements), palatandaan (indicators),

hanggangan (baselines), at target (targets).

2. Ang bawat resulta sa NAP WPS ay kailangang may kaugnayan sa isa pang resulta na magbibigay-daan sa patayo (vertical) at pahalang (horizontal) na pagkakahanay ng mga resulta (outcomes).
3. Ang mga resulta ng NAP WPS ay kailangang mabuo ayon sa pagkakahanay nito sa mga ibang pambansa o rehiyonal na plano.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Batiin ang mga kalahok.
- Ibahagi ang layunin sa sesyong ito.

**2. Pangkatang Gawain (30 minuto)**

- Hatiin ang mga kalahok sa mga pangkat ayon sa apat na haligi ng agenda ng WPS: Partisipasyon, Pagpigil, Proteksyon at Pagbigay ng Tulong, at Pagbangon
- Papiliin ang bawat grupo ng isang tagapag-ulat na magbabahagi sa plenaryo.
- Ipamahagi ang *WPS Monitoring Checklist*, gayundin ang kopya ng NAP WPS at ASEAN RPA WPS.
    - Paalala sa Facilitator
        - Sa gawaing ito, ang mga kalahok mula sa mga bansa na walang NAP WPS ay maaaring gumamit ng kanilang pambansang plano tungkol sa kababaihan/gender equality at pagbibigay lakas o kapangyarihan sa mga kababaihan. Gamit ang WPS Monitoring Checklist, susuriin nila kung mga pambansang planong ito ay naglalaman ng mga elemento ng pagmo-monitor at ebalwasyon para masubaybayan ang anumang pagbabago o progreso sa pagtugon sa mga usaping WPS.
- Sabihan ang mga kalahok na gamitin ang *WPS Monitoring Checklist* upang sagutin ang mga sumusunod na tanong:
    - Mayroon bang pahayag tungkol sa kinalabasan **(outcome statement)** sa NAP WPS (o kaya sa ibang pambansang plano tungkol sa *kababaihan/ gender equality at pagbibigay lakas o kapangyarihan sa mga kababaihan*) na nakapokus sa haligi na nakaatas sa inyo?
    - Mayroon bang mga nagawa **(outputs statement)** na nagbibigay ng kontribusyon sa pagkamit ng mga *outcome* sa haligi na nakaatas sa inyo?
    - Mayroon bang mga **palatandaan, hangganan, target** ang mga pahayag

tungkol sa kinalabasan at nagawa na?

- Ang mga palatandaan ba ay ***SMART?***
- Tinukoy ba ang pingamulan ng mga datos, kung saan maaaring ma-populate ang mga palatandaan?

- Pagkatapos ng panimulang pagtataya, ipagawa sa grupo ang mga sumusunod:
  - Pagtambalin ang bawat *result statement* na inyong natukoy sa inyong WPS *Monitoring Checklist* sa partikular na *Output and Priority Action sa RPA WPS* na nakapagbibigay ito ng ambag o kontribusyon.
  - Batay sa inyong pagtataya, tumukoy ng posibleng mga punto ng aksiyon para mapaghusay ang NAP WPS (o anumang pambansang plano sa kababaihan/ gender equality at pagbibigay lakas o kapangyarihan sa mga kababaihan), na isinaaalang-alang ang mga elemento ng pagmo-monitor na kasama sa proseso.

3. **Plenaryo (20 minuto)**

- Hilingin sa tagapag-ulat na magbigay ng maikling buod ng kanilang mga pagtataya, mga punto ng aksiyon at rekomendasyon. (5 minuto bawat isa).
- Hikayatin ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga saloobin, iniisip, at obserbasyon pagkatapos ng bawat presentasyon.

4. **Pagtatapos (5 minuto)**

- Magbigay ng paglalagom ng mahahalagang kaisipan mula sa sesyon sa plenaryo.
- Hikayatin ang mga kalahok na aktibong makipagtulungan sa pamahalaan at ibahagi ang kanilang pagtataya at mga kaisipan tungkol sa kanilang NAP WPS gamit ang kanilang natutuhan tungkol sa pagmo-monitor at ebalwasyon.
- Alalahanin na sa mga kaso kung saan walang NAP WPS sa isang bansa, maaaring isulong ng mga kalahok ang pagbuo o pagkilos tungo sa pagtitiyak na ang mga konsiderasyon ng WPS ay mailapat sa mga pambansang plano kaugnay ng kababaihan o *gender equality* at pagbibigay ng lakas o kapangyarihan sa mga kababaihan (maaaring sumangguni sa susunod na modyul: **Modyul 5: Pagtataguyod sa Agenda ng Women, Peace and Security)**

5. **Sintesis at Pagbibigay ng *feedback* sa Modyul (15 minuto)**

- I-project sa screen ang listahan ng mga sesyon na isinagawa sa modyul na ito at magbigay ng maikling paglalagom ng mahahalagang punto na natalakay sa

bawat sesyon.

- Hikayatin ang mga kalahok na isulat sa *metacards* ang kanilang puna o *feedback* sa bawat sesyon na tinutukoy ang mga aspekto na nakatutulong, hindi nakatutulong, at ang kanilang mga rekomendasyon para mapaghusay pa ito.
- Kolektahin ang kanilang mga *metacards.*
  - Paalala sa Facilitator:
    - Maaaring mapahaba o mapaikli ang sesyong ito depende sa oras na mayroon.
    - Maaaring gumamit ng evaluation forms sa halip na metacards.

## WPS Monitoring Checklist

| | |
|---|---|
| **Bansa:** | |
| **Haligi:** | |

| Blg. | Mga Tanong | Sagot | Mga Komento at Rekomendasyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Mayroon bang pahayag sa outcome statement at sa NAP WPS na nakapokus sa haliging nakaatas sa inyo? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, tukuyin ang outcome statement na nakapokus sa haliging nakaatas sa inyo. |
| 1.1 | (Vertical alignment) | | Kung oo, tukuyin ang mga outcome statements na nakakapag-ambag sa pagkamit ng tagumpay sa haliging nakaatas sa inyo. |
| 1.1.1 | | | Kung hindi, magbigay ng rekomendasyon kung paano masasalamin sa NAP WPS ang mga outcomes na ang pokus ay ang haliging nakaatas sa inyo. |
| 1.1.a | May mga indicators ba ang outcome statements sa NAP WPS? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, may mga baseline ba ng mga ito?<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |

| Blg. | Mga Tanong | Sagot | Mga Komento at Rekomendasyon |
|---|---|---|---|
| 1.1.b | | | Kung oo, may mga *target* ba para sa aling taon: _____________<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| 1.1.c | | | Kung oo, ang mga *outcome indicators* ba ay SMART (specific, measurable, achievable, realistic and timebound)?<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| 1.1.d | | | Kung hindi, magrekomenda ng mga posibleng *indicators* na makasusukat sa *outcomes* na nakapokus sa haliging nakaatas sa inyo. |
| 1.2.a | Kung oo ang isinagot mo sa 1.1, pumili ng isang *output statement.* Mayroon bang mga indicators ang *output statement* na ito? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, may mga *baselines* ba ito?<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| 1.2.b | | | Kung oo, may mga *targets* ba para sa aling taon:_____________<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| 1.2.c | | | Kung oo, ang mga *output indicators* ba ay SMART *(specific, measurable, achievable, realistic and timebound)?*<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| 1.2.d | | | Kung hindi, magrekomenda ng mga posibleng *indicators* na masusukat sa *output statement* na nakapokus sa haliging nakaatas sa inyo. |

# Modyul 5

## Pagtataguyod sa Agenda ng Women, Peace and Security

Ang modyul na ito ay nagbibigay ng oportunidad sa mga civil society organizations (CSOs) na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa pagtataguyod ng pagsulong ng agenda ng Women, Peace and Security (WPS). Kabibilangan ito ng mga prinsipyo at estratehiya ng pagtataguyod sa adbokasiya.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, pagninilayan ng mga kalahok ang mga estratehiya sa pagtataguyod na kasalukuyan nilang ginagamit sa WPS agenda at isaalang-alang ang mga posibleng mapagbubuti pa batay sa mga natutuhan at kaisipang nakuha sa modyul na ito.

Makatutulong ang mga sesyon sa modyul na ito sa mga kalahok sa pagtataguyod, impormasyon, at komunikasyon sa mga CSOs.

Ang modyul na ito ay kinabibilangan ng:

| Sesyon | Pamagat | Oras |
|---|---|---|
| 1 | Pagtukoy sa mga Hamon at Tagumpay sa Pagtataguyod ng Agenda ng Women, Peace and Security | 1 oras, 30 minuto |
| 2 | Pagtataguyod sa Agenda ng Women, Peace and Security | 45 minuto |
| 3 | Pagsusuri sa Estratehiya ng Adbokasiya para sa Agenda ng Women, Peace and Security | 1 oras |

- Paalala sa Facilitator
  - Sa pilot run ng training na ito, galing ang ilang mga kalahok sa mga bansang wala pang nabubuong NAP WPS. Hinikayat ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa pagtataguyod ng gender equality at women's empowerment sa mga sesyon at pagsasanay sa modyul na ito bilang mga punto na maaari nilang pagnilayan kung paano mailalapat ang Women, Peace and Security sa kanilang umiiral na adbokasiya.

## Sesyon 1 Pagtukoy sa mga Hamon at Tagumpay sa Pagtataguyod ng Agenda ng Women, Peace and Security

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Maisa-isa ang mga leksiyon at karanasan ng mga kababaihan at mga civil society organization na sumusuporta sa agenda ng Women, Peace and Security |
| **Metodolohiya** | World Café exercise |
| **Oras** | 1 oras at 30 minuto |

**Kagamitan**

- Easel paper
- Colored pens o crayons
- Mga tatalakaying paksa para sa bawat mesa

**Mahahalagang Punto**

1. Ang pagtataguyod ng Women, Peace and Security ay may mga kaakibat na hamon. Mahalagang mailista ang mga pamamaraan at mga gawi o praktis upang mapagtagumpayan ang mga hamong ito at maipagdiwang ang mga tagumpay na resulta ng mga pagsisikap ng pagtataguyod.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Batiin ang mga kalahok.
- Ibahagi ang layunin sa sesyong ito.

**1. Pangkatang Gawain (1 oras)**

- Ihanda sa silid ang tatlong mesa. Lagyan ng mga easel paper, mga krayola at iba't ibang kulay na panulat at ng takdang paksang tatalakayin ang bawat isa.
  - **Mesa 1:** Anong mga hamon ang naranasan mo habang itinataguyod ang agenda ng Women, Peace and Security o mga isyung kaugnay nito?
  - **Mesa 2:** Ano-ano ang mga pamamaraan at mga gawi o praktis ang mga nagamit mo upang isulong ang agenda ng Women, Peace and Security o mga isyung kaugnay nito?
  - **Mesa 3:** Anong mga tagumpay ang iyong nakamit sa pagtataguyod ng agenda ng Women, Peace and Security or mga isyung kaugnay nito?

- Sabihin sa mga kalahok sa bawat mesa na pumili ng isang nais na gumanap na "host". Gampanin ng host na simulan ang pag-uusap o talakayan hinggil sa paksang nakaatas sa bawat mesa at magbigay ng sintesis o paglalagom sa pagtatapos ng gawain.
- Pabilangin ng isa hanggang tatlo ang mga kalahok:
  - Lahat ng bilang isa ay pupunta sa Mesa Blg. 1; ang mga bilang dalawa ay pupunta sa Mesa Blg. 2; at ang mga bilang tatlo ay pupunta sa Mesa Blg 3.
- Hilingin sa mga host na simulan ang sesyon sa pamamagitan ng mainit na pagbati bago magpatuloy sa talakayan ng iniatas na paksa.
  - Ang mga kalahok ay maaaring gumamit ng krayola at mga pangkulay upang isulat ang kanilang mga sagot sa easel paper.
  - Ang bawat pag-uusap ay tatagal nang 20 minuto. Lalagumin ng host ang naging talakayan at iimbitahan ang mga kalahok na pumunta sa susunod na mesa, at muling babatiin ng host ang panibagong grupo ng mga kalahok na kasunod.
  - Paalala sa Facilitator:
    - Kung wala pang karanasan ang ilang kalahok sa pagsusulong ng agenda ng Women, Peace and Security, hikayatin silang magbahagi ng kanilang mga saloobin at karanasan sa pagsusulong ng ibang mga isyu tungkol sa kababaihan o gender.

**2. Plenaryo (20 minuto)**

- Kapag natapos nang bisitahin ng mga kalahok ang lahat ng mesa, ipaliliwanag ng bawat host ang mga naibahaging kaisipan at saloobin. (5 minuto para sa bawat host)
- Hikayatin ang mga kalahok na magbahagi rin ng dagdag na kaisipan o saloobin.

**3. Pagtatapos (5 minuto)**

- Pasalamatan ang mga host sa kanilang nalikom at ang mga kalahok sa kanilang mga pagbabahagi.

## Sesyon 2 Pagtataguyod sa Agenda ng Women, Peace and Security

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Matutuhan ang mga prinsipyo at estratehiya sa pagsusulong ng adbokasiya |
| **Metodolohiya** | Lektura |

**Oras** 45 minuto

**Kagamitan**

- Laptop
- Projector

**Mahahalagang Punto**

1. Ang layunin ng pagsusulong ng adbokasiya ay ang pagkakaroon ng pagbabago. Sa gitna ng salungatan at inseguridad, layon ng adbokasiya ang pagkakaroon ng kapayapaan para sa lahat.
2. May ilang mga estratehiyang pang-adbokasiya na nagsusulong ng agenda ng Women, Peace and Security Nakapaloob sa mga estratehiyang ito ang pagpaplano, pagmo-monitor, at ebalwasyon upang makatiyak na epektibo ang mga ito at nakapokus sa pagkamit ng transpormasyon para sa sitwasyong pangkapayapaan at panseguridad sa mga pamayanan at sa buhay ng mga kababaihan (bata man o matanda) sa mga lugar na may salungatan.

**Pamamaraan at Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan at magbahagi ng mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon.
- Ibahagi ang layunin sa sesyong ito:

**2. Lektura (35 minuto)**

- Paalala sa Facilitator:
  - Upang mapaghusay ang karanasan sa pagkatuto sa kabuuan ng lektura, hikayatin ang mga kalahok na aktibong makilahok at magbahagi ng kanilang mga kaisipan, karanasan, at saloobin hinggil sa pagsusulong ng adbokasiya ng Women, Peace and Security.
- Magsimula sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw ng konsepto ng ***adbokasiya:***
  - Saklaw ng adbokasiya ang iba't ibang estratehiya upang maimpluwensiyahan ang desisyon – at ang mga tagagawa ng batas sa pagkamit ng pagbabago. Sa konteksto ng salungatan at inseguridad, layon ng adbokasiya ang pagkakaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan para sa lahat.
  - Mahalaga sa adbokasiyang ito na nakaankla sa mga batayang prinsipyo

ng pagkakapantay-pantay, katarungan, at paggalang sa karapatang pantao. Kailangang isama sa mga gawaing pang-adbokasiya tulad ng pangangampanya *(lobby)*, pagsasaliksik, komunikasyon, pag-oorganisa, at pagbubuuo ng alyansa ang mga prinsipyo at mensaheng ito.

- Ang adbokasiya ay kailangang nakatuntong sa realidad ng kapayapaan at salungatan at sa realidad ng mga kababaihan sa mga lugar na apektado ng salungatan. Ang mga boses nila ang sentro ng ating mga pagsusumikap na isulong ang adbokasiya. Bilang resulta, kailangang nakatali ang adbokasiya o nakasalikop sa pang-araw-araw na pamumuhay ang Women, Peace and Security, at nag-aangat ng kamalayan sa sitwasyong pangkapayapaan at kalagayan ng mga kababaihan. Ang pamamaraang ito ay dapat kasama ng pagsisikap na makahikayat ng partisipasyon at makapagpayaman ng kapasidad.
    - Paalala sa Facilitator:
        - Sa pilot run ng training na ito, ang isang kaisipan na ibinahagi ay – ang kahalagahan ng paglalagay ng mga indibidwal sa pangunguna ng gawaing pang-adbokasiya ay katumbas ng Nilalaman ng adbokasiyang isinusulong. Ang mga samahang panlipunan (CSOs) ay kailangang mapaalalahanan na maging mapansinin sa mga mukha at katauhan ng mga front liners ng gawaing adbokasiya. Kung maaari, mahalagang matiyak ang representasyon ng mga kababaihan sa mga lugar na may salungatan, natapos na salungatan, o lugar na may tensyon upang maipahayag nila ang kanilang mga alalahanin sa mga gawaing pang-adbokasiya lalo na sila ang direktang nakararanas ng mga epekto ng salungatan sa kanilang mga lugar.
    - Ang adbokasiya ay kailangang estratehiko. May mga *"invited spaces"* na sinisimulan ng mga tagagawa ng desisyon at batas sa antas ng pambansa at panlokal at mayroon ding *"created spaces"* na binubuksan ng mga tagasulong ng adbokasiya. Kailangang tukuyin ng mga nagsusulong ng adbokasiya kung saan may mahalagang epekto ang kanilang mga pagsisikap sa buhay ng mga kababaihan (bata o matanda) sa mga lugar na may salungatan.
- Balikan ang ilang ***key advocacy strategies:***
    - **Ano ang sasabihin?**

        A. Balangkasin ang iyong adbokasiya batay sa datos at katotohanan. Sa pagninilay sa Modyul 1, mahalaga na ang mga isyu, kakulangan, at mga hamong hinaharap ng mga kababaihan sa mga lugar na apektado ng salungatan at natapos na salungatan, gayundin ang mga hamon sa kapayapaan at seguridad sa komunidad na nakabatay sa ebidensiya at pagsusuring gamit ang perspektiba ng gender at kapayapaan.

B. Gawing kauna-unawa ang iyong adbokasiya sa pamamagitan ng pagkilala sa mga target mong awdyens. Kung isang lehislador ang pinatutungkulan mo na hindi galing sa lugar na apektado ng salungatan o natapos na salungatan, tiyakin kung aling lehislatibong komite siya nabibilang at tingnan kung paano siya magkakaroon ng koneksyon sa mga isyu at datos na inilalahad mo. Halimbawa, kung mula sa komite ng *Finance o Budget* ang lehislador, makatutulong kung ang datos na ipakikita mo ay tungkol sa gastusing militar kumpara sa gastusin para sa pagbangon at rehabilitasyon pagkatapos ng salungatan na tuwirang nakaaapekto sa kapakanan ng komunidad, kalusugan ng kababaihan at pangkabuhayan, at ng edukasyon ng mga bata. Tukuyin kung ano ang pinahahalagahan at prayoridad ng nasabing lehislador upang maiangkop mo ang iyong adbokasiya.

C. Ihanda ang iyong mga sagot sa kanilang mga argumento at mga estratehikong sagot sa posibleng mga katanungan. Maghanda para sa posibleng mga pagtutol o pagsalungat ng mga hindi tagasuporta o mga kritiko. Makinig sa iba't ibang opinyon, bilang makatutulong ang mga ito sa paggabay sa iyo sa pagbuo mo ng mahahalagang mensahe at estratehikong pang-adbokasiya.

D. Umapela sa mga damdamin ng awdyens. Kung minsan hindi nabibigyang pansin ang mga datos at katotohanan katulad ng sa emosyon. Gumamit ng positibong emosyon na nagpapausbong ng paggalang sa kababaihan at karapatang pantao, pagkakapantay-pantay, kawalan ng diskriminasyon, pagkakaiba-iba, katarungan at sustenableng kapayapaan, pag-unlad, at seguridad, at iba pa. Magtampok ng mga kuwento ng mga kababaihan at kabataan na nagsagawa ng mga pagbabago sa mga komunidad na apekttado ng salungatan at natapos na salungatan.

E. Itaguyod ang pagkakaisa at pag-asa. Madaling gumawa ng mga naratibo o kuwento na nagtatanim ng galit at dibisyon. Ipinapanukala ni *Thomas Coombes* ang mga sumusunod na *five shifts:*

   a. Pag-usapan ang solusyon, huwag ang problema.
   b. Bigyang diin kung ano ang ipinaglalaban hindi ang kung ano ang iyong sinasalungat.
   c. Lumikha ng oportunidad, kalimutan ang mga pagbabanta.
   d. Bigyang diin ang pagsuporta sa mga bayani, huwag ang awa sa mga biktima.

e. Ipakita na "Kaya natin ito" sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ilustrasyon ng aksiyon ng pakikiisa at pag-asa.

- **Ano ang gagawin?**

  A. Tukuyin ang iyong layunin. Ano ang mga isyu ng Women, Peace and Security na nais mong matugunan? Ano ang nais mong makamit sa panandaliang termino? Pangkatamtamang termino? Pangmatagalang termino?

  B. Tiyakin ang tamang panahon. Tumukoy ng isang balita na may kaugnayan sa agenda Women, Peace and Security upang makapukaw ng atensyon. Tiyaking alam din ang mahahalagang tagpo tulad ng politikal na pagtitipon, kumperensiya, at mga gawaing pang-networking.

  C. Maghanap ng mga kaalyado at katuwang. Hikayatin ang mga kalalakihan at mga kaalyado na suportahan ang agenda ng Women, Peace and Security. Lumikha ng mga pagkakataon at manghikayat ng mga kababaihan sa mga lugar na apektado ng salungatan o natapos na salungatan na magsalita o magpahayag ng kanilang opinyon at saloobin.

- Mahalaga ang regular na pagmo-monitor at pagtataya ng mga mensahe at estratehikong pang-adbokasiya. Makatutulong ng muling pagsusuri ng mga layunin at mga interbensyon ng planong pang-adbokasiya kung progresibong nakatuon ang mga ito sa pagkakamit ng positibong pagbabago sa pamumuhay ng mga kababaihan (bata man o matanda). Mahalaga ang pagbabago ng mga plano at estratehikong pang-adbokasiya lalo na kapag may pagbabago sa polisiyang pangkapaligiran o sa mga lugar na apektado ng salungatan at natapos na salungatan. Kailangan ang pakikilahok ng mga kababaihan sa mga pagbabagong ito dahil makatutulong ang kanilang input na mapatotohanan kung ang mga naunang isyu at ang *WPS agenda* ay may halaga pa rin o nagbago na ito.

- Paalala sa Facilitator

  - Isa sa mga hamong lumutang sa pilot run ng ToT ay ang mabilis na pagpapalit-palit ng mga opisyal ng gobyerno. Ito ay isang realidad na kinakaharap ng mga nagsusulong ng adbokasiya. Kaya kailangang handa silang baguhin ang kanilang plano at estratehiya batay sa mga pagbabagong ito at sa kapasidad at komitment ng mga institusyon na isulong ang agenda ng Women, Peace and Security. Ang pagpapanatili ng mga interbensyong pang-adbokasiya ay isang mahalagang bahagi ng planong nabuo.

  - Kagaya ng ibinahagi ng mga kalahok, epektibo ang adbokasiya kapag pareho itong isinusulong ng nasa "itaas" at nasa "ibaba" - isang

konseptong kilala sa tawag na "bibingka" o rice cake approach". Ang "bibingka strategy" ay isang balangkas na ginagamit ng CSOs sa Pilipinas sa larangan ng pagsusulong ng pagbabago at pananagutan. Galing ito sa salitang "bibingka," na isang kakaning Pilipino na niluluto sa pamamagitan ng paglalagay ng baga sa itaas at sa ibaba nito. Ang estratehiyang ito ay nagsasaad na mangyayari ang pagbabago kapag: (1) napapanatili ang "pressure" mula sa mamamayan sa ibaba at (2) magsasagawa ang mga nasa itaas - mga "state reformers" ng mga sabay-sabay na aksiyon. Ang mga CSOs ang lilikha ng "pressure" mula sa ibaba sa pamamagitan ng paghiling ng pagbabago sa polisiya o pagpapahusay ng implementasyon ng polisiya. Ang aksiyon sa itaas ay manggagaling sa mga pambansang opisyal na naglalayong mapaghusay ang pagbibigay ng serbisyo o maiwasto ang kahinaan o pagkakamali ng gobyerno. (Magbasa pa, i-click ito).

**3. Pagtatapos (5 minuto)**

- Sa pagtatapos, lagumin na ang mga estratehikong pang-adbokasiya sa Women, Peace and Security ay sumasaklaw sa mga sumusunod: Easel paper

| | |
|---|---|
| **Research and analysis** | **Lobbying** |
| **Alliance and partnership building** | **Communication** |

## Sesyon 3 Pagsusuri sa Estratehiya ng Adbokasiya para sa Agenda ng Women, Peace and Security

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Masuri ang mga kasalukuyang estratehiya upang isulong ang agenda ng Women, Peace and Security (WPS) |
| **Metodolohiya** | Pangkatang palihan *(workshop)* |
| **Oras** | 1 oras |

**Kagamitan**

- Easel paper

- Markers
- Metacards
- Masking tape
- Checklist para sa pagtatasa ng kasalukuyang mga plano at estratehikong pang-adbokasiya

**Mahahalagang Punto**

1. Ang mga plano at estratehiyang pang-adbokasiya para maisulong ang *WPS Agenda* ay kinakailangang regular na mapagbalik-aralan upang matiyak na ang mga ito ay nakaangkla pa rin sa sitwasyon ng kapayapaan at seguridad at ng mga realidad ng mga kababaihan (bata o matanda) na nasa mga lugar na may sitwasyon ng salungatan at pagkatapos ng salungatan.
2. Kailangangang hamunin ng adbokasiya ang namamayaning *power dynamics* at bumuo ng *transformative power.*

**Nilalaman**

**1. Panimulang Gawain (5 minuto)**

- Sabihin sa mga kalahok na balikan ang mga natutuhan nila sa nakaraang sesyon lalo na ang mga impormasyon o konseptong tumatak sa kanilang isipan.
- Ibahagi ang layunin sa sesyong ito

.

**2. Pangkatang Gawain (30 minuto)**

- Bilang pagpapayaman ng mga nakaraang sesyon, hatiin ang mga kalahok sa mga pangkat upang mabalikan ang kani-kanilang mga plano at estratehiyang pang-adbokasiya sa pagsusulong ng pagpapatupad ng WPS.
  - *Paalala sa Facilitator:*
    - *Para sa mga wala pang nabubuong plano at mga estratehiya sa adbokasiyang nakatuon sa WPS, ito na ang oportunidad para simulan ang pagbalangkas ng nasabing plano.*
- Magtatalaga ang bawat grupo ng isang tagapag-ulat na maglalahad sa plenaryo.
- Ipamigay ang **WPS Advocacy Strategy Checklist** at **WPS Advocacy Plan Template** (nasa ibaba).
- Ibigay ang sumusunod na mga panuto:
  - Gamitin ang *WPS Advocacy Checklist* upang tayain ang kanilang plano at

mga estratehiya tungkol sa adbokasiya ng Women, Peace and Security.

- Pagkatapos pagnilayan ang resulta ng *checklist,* gamitin ang *WPS Advocacy Plan template* upang bumuo ng mas pinahusay na estratehiya kaugnay ng adbokasiya ng Women, Peace and Security. Tumukoy ng dalawa hanggang tatlong kalalabasan (outcomes) bilang panimula sa pagbuo ng isang planong pang-adbokasiya. Halimbawa:

| Inaasahang Kalalabasan | May Hawak ng Kapangyarihan (tumukoy ng 1 o 2) | May Impluwensiya (Tumukoy ng 3 - 5) | Kaalyado | Estratehiyang panghamon sa kasalukuyang kapangyarihan | Estratehiyang bumubuo ng *transformative power* |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga probisyon sa Women, Peace and Security ay kasama sa ipapasang batas ng Gender and Development (GAD) sa munisipalidad | Mga lehislador sa Munisipalidad | Babaeng mayor sa munisipalidad<br><br>Women's council<br><br>Mga pinuno ng mga pangkat-etiniko/ IPs (Village chieftains) | Mga kababaihan sa mga pamayanan na apektado ng salungatan at natapos na salungatan<br><br>Mga civil society organization na nagtatrabaho sa mga lugar na may salungatan<br><br>Media | Magbigay ng kongkretong datos at impormasyong historikal at pangkasalukuyan sa mga lehislador ng munisipalidad tungkol sa epekto ng armadong labanan sa mga kababaihan (bata o matanda) sa mga lugar na apektado ng salungatan at natapos na salungatan | Mangampanya upang matiyak na ang mga babaeng kinatawan mula sa sa mga pamayanan na apektado ng salugatan at natapos na salungatan ay may boses sa pampublikong konsultasyon o pagdinig tungkol sa GAD legislation ng munisipalidad. |

- Bigyan ng 30 minuto ang mga grupo na tapusin ang gawaing ito.

**3. Plenaryo (10 minuto)**

- Bigyan ang bawat tagapag-ulat ng ilang minuto upang ilahad ang mahahalagang bahagi ng kanilang isinagawang pagtataya at ang nabuong plano.
- Hikayatin ang mga kalahok na magtanong at magbahagi ng kanilang mga saloobin pagkatapos ng bawat presentasyon.

**4. Pagtatapos (5 minuto)**

- Bilang pagtatapos, magbigay ng paglalagom ng mga kaisipan at saloobin mula sa mga talakayan sa plenaryo gayundin ang mahahalagang punto na natalakay

sa Sesyon 2.

- Hikayatin ang mga kalahok na ilapat ang kanilang mga natutuhan sa modyul na ito sa kani-kanilang planong adbokasiya, bigyang diin ang pagpapalakas sa Women, Peace and Security sa kanilang kasalukuyang mga pagsisikap sa pagpapalaganap ng adbokasiya.

**5. Sintesis at Pagbibigay ng *feedback* sa modyul (15 minuto)**

- I-project sa screen ang listahan ng mga sesyong tinalakay sa modyul na ito at magbigay ng mahahalagang punto na natalakay sa mga sesyon.
- Hikayatin ang mga kalahok na magsulat sa *metacards* ng komento hinggil sa bawat sesyon na tinutukoy ang mga aspektong nakatulong, hindi nakatulong, at ang kanilang mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng modyul kung mayroon man.
- Kolektahin ang mga metacards na may *feedback* ng mga kalahok
  - Paalala sa Facilitator:
    - Ang sesyong ito ay maaaring mapahaba o mapaikli batay sa oras na mayroon.
    - Maaaring gumamit ng evaluation forms sa halip na metacards.

## WPS Advocacy Strategy Checklist

| **Bansa:** | |
|---|---|

| Mga Tanong | Mga Sagot | Mga Komento at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| Nababatay ba sa mga datos at katotohanan ang iyong planong pang-adbokasiya? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Tukuyin ang mga isyu/kakulangan/ hamon ng *women, peace and security* na nakapokus ang planong adbokasiya na may kasamang datos at ebidensya. |
| Malinaw ba sa iyong plano kung ano ang nais nitong makamit sa panandaliang termino *(short term)?* | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ibigay ang inaasahang kalalabasan *(outcomes)* sa panandaliang termino sa iyong planong adbokasiya. |
| Malinaw ba sa iyong plano kung ano ang nais nitong makamit sa pangkatamtamang termino? *(medium term)* | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ibigay ang inaasahang kalalabasan *(outcomes)* sa pangkatamtamang termino sa iyong planong adbokasiya. |
| Malinaw ba sa iyong plano kung ano ang nais nitong makamit sa pangmatagalang termino? *(long term)* | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ibigay ang inaasahang kalalabasan *(outcomes)* sa pangmatagalang termino sa iyong planong adbokasiya. |
| Sino ang target mong maging awdyens sa iyong planong adbokasiya? | | Kilalanin ang 1-2 na may hawak na kapangyarihan kaugnay sa iyong planong adbokasiya. |
| | | Kilalanin ang 3-5 mga may impluwensiyang tao na kaugnay sa iyong planong adbokasiya. |
| | | Tukuyin ang iyong mga kaaalyado na kaugnay sa iyong planong adbokasiya. |
| Mayroon bang natatanging mensahe para sa mga natukoy mong awdyens sa iyong planong adbokasiya? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ibigay ang mga natatanging mensahe sa bawat tinukoy na target na awdyens. |
| | | Naglalaman ba ng solusyon ang iyong mga natatanging mensahe?<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |

| Mga Tanong | Mga Sagot | Mga Komento at Rekomendasyon |
|---|---|---|
| | | Ipinapahayag ba ng iyong mga natatanging mensahe kung ano ang ipinaglalaban ng adbokasiya?<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| | | Lumilikha ba ng mga oportunidad ang mga tiyak na mensahe na ipinararating ng adbokasiya?<br>☐ Oo<br>☐ Hindi |
| Mayroon bang nakitang sagot sa mga argumentong may kaugnayan sa isyu, kakulangan, at mga hamon na pinagtutuunang pansin sa planong adbokasiya? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ibigay ang posibleng sagot sa argumentong may kaugnayan sa mga isyu, kakulangan, at hamon na pinagtutuunang pansin sa planong adbokasiya. |
| | | Ibigay ang mga estratehiyang gagamitin upang matugunan ang mga sagot sa argumentong nakita. |
| May mga tiyak bang estratehiya sa paghahanap ng mga kampeon at katuwang sa iyong planong adbokasiya? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, ibigay ang mga estratehiyang gagamitin sa paghahanap ng mga kampeon at katuwang. |
| Nkikipagtulungan ba sa mga lalaki at iba pang kaalyado para suportahan ang agenda *women, peace and security* ang iyong planong pang-adbokasiya? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung oo, tukuyin ang iba pang kaalyado na susuporta sa agenda ng *women, peace and security.* |
| May mga estratehiya bang humahamon sa mga may hawak ng kapangyarihan ang iyong planong adbokasiya? | ☐ Oo<br>☐ Hindi | Kung hindi, ano ang mga estratehiyang maaaring magamit para hamunin ang mga may hawak ng kapangyarihan? |
| May mga estratehiya bang nagbibigay-daan sa *transformative power* ang iyong planong adbokasiya? | ☐ Oo<br>Hindi | Kung hindi, anong mga estratehiyang tutulong sa pagkakaroon ng *transformative power* ang mayroon ka? |

## WPS Advocacy Plan Template

| Inaasahang Kalalabasan | May Hawak ng Kapangyarihan (tumukoy ng 1 o 2) | May Impluwensiya (Tumukoy ng 3 - 5) | Kaalyado | Estratehiyang panghamon sa kasalukuyang kapangyarihan | Estratehiyang bumubuo ng *transformative power* |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga probisyon sa Women, Peace and Security ay kasama sa ipapasang batas ng Gender and Development (GAD) sa munisipalidad | Mga lehislador sa Munisipalidad | Babaeng mayor sa munisipalidad<br><br>Women's council<br><br>Mga pinuno ng mga pangkat-etiniko/ IPs (Village chieftains) | Mga kababaihan sa mga pamayanan na apektado ng salungatan at natapos na salungatan<br><br>Mga civil society organization na nagtatrabaho sa mga lugar na may salungatan<br><br>Media | Magbigay ng kongkretong datos at impormasyong historikal at pangkasalukuyan sa mga lehislador ng munisipalidad tungkol sa epekto ng armadong labanan sa mga kababaihan (bata o matanda) sa mga lugar na apektado ng salungatan at natapos na salungatan | Mangampanya upang matiyak na ang mga babaeng kinatawan mula sa sa mga pamayanan na apektado ng salugatan at natapos na salungatan ay<br><br>may boses sa pampublikong konsultasyon o pagdinig tungkol sa GAD legislation ng munisipalidad. |

# Karagdagang Sesyon

## Mga Babaeng Pinuno - Nagsasalita para sa Kapayapaan

Inihanda ni: Jasmin Nario-Galace

Ang karagdagang sesyong ito ay halaw sa "Women Leaders Speaking up for Peace- Lobbying, Campaigning, and Public Speaking" na isinulat ni Nario-Galace, J. (2015), na kabilang sa Women Engaged in Action 1325 Training Manual tungkol sa Women's Leadership in Politics, Peace and Security.

**Layunin** Sa pagtatapos ng sesyon, ang mga kalahok ay inaasahang:

a. Matalakay ang mga kasanayan sa epektibong pananalita sa publiko
b. Maipakita ang maayos na pagtatalumpati sa publiko

**Oras** 1 oras

**Kagamitan**

- Laptop at projector para sa PowerPoint presentation
- White board at marker

**Pamamaraan ng Sesyon:**

**Gawain 1: Pag-eensayo ng Talumpati (45 minuto)**

1. Hikayatin ang mga kalahok na ipahayag ang kanilang mga takot at pangamba sa pagtatalumpati o pagsasalita sa publiko. Magbigay ng mga estratehiya kung paano mapagtatagumpayan ang nasabing mga takot at pangamba.
2. Sabihin sa mga kalahok na ang mga takot o pangambang ito ay maaaring mapagtagumpayan sa pamamagitan ng pagiging pamilyar sa mga kasanayan ng epektibong pananalita sa publiko at ng pang-unawa kung ano ang maituturing na mahusay na pananalita sa publiko.
3. Ipakita ang maling pagbigkas ng isang talumpati. Tanungin ang mga kalahok kung anong mga suhestiyon ang kanilang maibibigay upang mapaghusay ang ipinakitang pagtatalumpati. Ilista sa pisara ang kanilang mga sagot.

4. Magbigay ng impormasyon tungkol sa "Women Leaders and Advocates Speak Up for Peace: Tips on Effective Public Speaking" (Apendiks 1). Pagkatapos ay bigyan ang bawat kalahok ng isang paksa batay sa materyal na natalakay sa nakaraang mga sesyon.
5. Pagkatapos ay bigyan ang bawat kalahok ng isang paksa batay sa materyal na natalakay sa nakaraang mga sesyon.
6. Sabhan ang mga kalahok na kailangan silang maghanda ng isang minutong presentasyon tungkol sa paksang naibigay sa kanila alinsunod sa balangkas na nasa ibaba:
    - Pangalan
    - Sino ka;  Saan ka nagmula
    - Bakit ka nakikipag-usap sa madla (dahilan ng iyong talumpati) at talakayin ang iyong alalahanin o isyu
    - Magpanukala ng mga solusyon o mga aksiyong isasagawa
    - Manawagan sa madla/publiko na umaksiyon
7. Ipakita kung paano dapat bigkasin ang isang talumpati.
8. Bigyan ng limang (5)minuto  ang mga kalahok upang maghanda at isang (1) minuto upang bigkasin ito.
9. Pagkatapos ng isang mananalumpati, magbigay ng konstruktibong puna.
10. Pagkatapos ng pagtatalumpati ng lahat ng kalahok, tanungin ang bawat isa kung paano nila magagamit ang mga kasanayang natutuhan nila sa modyul na ito sa kanilang sariling konteksto.

**Mga Sanggunian:**

Lansu, P. (2009, June 1). Spirituality of Advocacy in Pax Christi International, International Representation, Advocacy and Campaigning. Retrieved September 7, 2015, from https://cpn.nd.edu/assets/12990/spirituality_of_advocacy_pax_christi.pdf

Lynn, S. (2005, June 20). Trainer's Manual on Increasing Opportunities for Women within Politics and Political Parties. Retrieved September 7, 2015, from https://www.ndi.org/files/strengthenwomen_southeastasia.pdf

**Apendiks 1.** Women Leaders and Advocates Speak Up for Peace: Tips on Effective Public Speaking[6]

## Paghahanda ng Talumpati

1. Tukuyin ang iyong paksa. Pumili ng paksang alam na alam mo. Gawin ang iyong takda o ang paghahandang kinakailangan.
2. Kilanin ang iyong mga tagapakinig /madla. (antas ng edukasyon, edad, at ang kanilang kaalaman tungkol sa paksang iyong tatalakayin)
3. Alamin ang programa. Kung magsasalita ka bilang bahagi ng isang panel, alamin ang daloy nito. Gaano kahaba ang oras na nakalaan sa iyong talumpati?
4. Ihanda (Isulat) ang iyong talumpati:
    - Ano ang nais mong iparating sa iyong tagapakinig/madla. Anong aksiyon ang nais mong isagawa nila? Anong mahahalagang punto ang nais mong matandaan nila sa iyong talumpati? Anong mga personal na halimbawa, katotohanan, o datos na susuporta sa iyong mensahe?
    - Gumawa ng balangkas ng iyong talumpati kabilang ang pambungad at pagtatapos. Ang pambungad mo ay kailangang makapukaw ng atensyon at makakuha ng interes ng mga nakikinig. Tapusin ang iyong talumpati sa pamamagitan ng paggamit ng isang pahayag na hihimok sa kanila na kumilos o gumawa ng aksiyon.
    - Ulitin ang iyong pangunahing mensahe sa kabuuan ng talumpati.
    - Lagumin ang mahahalagang punto ng iyong talumpati.
5. Mag-ensayo kasama ng iyong kasamahan sa trabaho at humingi ng mga puna.
6. Planuhin ang iyong isusuot. Magsuot nang angkop na kasuotan.

## Ang Pagtatalumpati o Pagbigkas ng Talumpati

1. Magrelaks. Kung kinakabahan ka, huminga nang malalim, igalaw-galaw ang katawan, at uminom ng tubig bago ang pagbigkas.
2. Kapag natawag ka na para magtalumpati, huwag kalimutang tumayo nang tuwid.
3. Kilalanin at bigyan ng pagkilala ang mahahalagang tao sa simula ng iyong talumpati.

6 The content of this appendix is adapted from the National Democratic Institute's Trainer's Manual on Increasing Opportunities for Women within Politics and Political Parties. Available at: https://www.ndi.org/files/strengthenwomen_southeastasia.pdf

4. Ipakilala ang iyong sarili sa nang may tamang lakas ng boses at malinaw. Banggitin ang iyong pangalan, pinagmulan, at ang layunin ng iyong talumpati.
5. Tumingin sa mata ng iyong mga tagapakinig ngunit iwasang tumagal nang tatlong segundo ang pagkikipagtinginan sa isang tao.
6. Gumamit ng simpleng mga salita at maiikling pangungusap. Iwasan ang paggamit ng mga akronim. Alalahaning naroon ka upang magpahayag ng mensahe hindi para mapabilib o lituhin ang mga nakikinig.
7. Gumamit ng mga estatistiko at mga kuwento nang may moderasyon.
8. Iwasan din ang paulit-ulit na paggamit ng mga aksiyon sa kamay at mga ekspresyon ng mukha sa pagpapaliwanag ng iyong mga punto/mensahe. Huwag paglaruan ang iyong buhok, damit, at mga aksesorya.
9. Tukuyin ang mga taong nakikinig at nagpapakita ng interes sa sinasabi mo. Makatutulong sila sa pagkakaroon mo nang kumpiyansa sa sarili.
10. Panatilihin ang moderasyon sa iyong pagbigkas. Huwag magsalita nang masyadong mabilis o kaya naman ay masyadong mabagal.
11. Ngumiti kung kinakailangan.

**Paano Bumigkas ng Isang Talumpating Politikal**

1. Magsimula sa pagpapakilala sa sarili.
2. Kailangang mahikayat mo ang iyong mga tagapakinig kung bakit kailangan nilang making sa iyong presentasyon. Ipaliwanag mo kung bakit mo sila kinakausap at bigyang diin o itampok ang mga isyu at usapin na nais mong ipaalam sa kanila.
3. Magpokus sa tatlong (3) pangunahing mensahe kabilang ang posisyon sa mga isyu o ng panukalang solusyon sa isang suliranin o problema.
4. Ipaliwanag kung paano positibong makaaapekto ang iyong panukalang solusyon sa buhay ng mga tao.
5. Tapusin ang iyong talumpati sa isang panawagan ng pagkilos.



gnwp Global Network of Women Peacebuilders

In partnership with Canada

Ministry of Gender Equality and Family

UK International Development

Partnership | Progress | Prosperity

UN WOMEN